# *JEHOVAH-JIREH* *1*

Makakaupo na kayo. Isa pong malaking pribilehiyo ito, na makabalik muli ngayong gabi. At malaking pagpapala sa akin, na makaparito at makapangusap sa inyo patungkol sa ating Panginoong Jesus, Na nakatitiyak ako na marami sa inyo ang nakakakilala, o umaasa ako na kilala n'yo na, sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan at—at ang pamamaraan ng Kanyang biyaya, sa inyo. At nawa'y makabahagi pa Siya sa inyo, sa gabi na ito, nang higit pa Niyang biyaya. Na sa paglabas natin dito, ay masabi natin nawa, gaya nila na mga naglalakbay noon sa Emaus, "Hindi baga ang mga puso nati'y nag-aalab sa loob natin, habang nakikipag-usap Siya sa atin sa daan."

2 Ngayon, kada umaga, sa pagkakaalam ko may—may—may—may tauhan sila na gaya niya na nakikipag-ugnay sa publiko. Si G. Vayle po rito'y may tinatalakay na—na aralin, na parang sinasagot niya ang mga katanungan at nangungusap patungkol sa Kasulatan. Dito ba 'yun sa gusali na ito? Dito po sa gusali na ito, kapag umaga. At kung bakante ang kung sinuman, at may mga ministro, at iba pa, na gustong bumisita, hayan po't, ang lahat nama'y tinatanggap. At si Kapatid na Vayle po'y isang bihasang tagapagturo. Talagang, may mainam na edukasyon siya.

3 At kaya nga, sabi ko nung isang araw, ako—ako sana'y may edukasyon. Kaya tuloy gumagamit pa ako ng mga parabula, na parang ganun, para makapagpaliwanag, alam n'yo. Wala kasi akong sapat na edukasyon para himay-himayin 'yun. Pero sa kung anong paraan, o ano, tinutulungan ako ng Panginoon na maisagawa ito.

4 At kaya naalala ko, may isang—isang lalaki sa Kasulatan isang beses, na ang pangalan ay Juan, at saserdote ang tatay niya. Kadalasan, sunod sila sa yapak ng kung anong ginagawa ng kanilang tatay. Pero may taglay-taglay kasi siyang mensahe sa totoo lang; kinakailangan niyang ipakilala ang Mesiyas. At ngayon kung ang ginawa niya'y nag-aral doon sa eskuwelahan kung saan nag-aral ang tatay niya, sasabihin nila, "Ngayon, kilala mo naman ang kalugud-lugod na Kapatid na *Ganito-at-ganoon*? Aba'y siya na ang Mesiyas," siguro'y mahihikayat nila siya sa ganoon. Kaya, kita n'yo, hindi siya nagtungo sa kung anong eskuwelahan na ganoon.

5 Sa ilang siya nagtungo, kung saan natuto siya ng patungkol sa Diyos. Napansin n'yo ba ang mga mensahe niya, na sinambit niya? Wala nga siyang edukasyon. Siyam na taong gulang pa lang siya'y nagtungo na roon, lumantad nung trenta na siya,

nangaral nang anim na buwan, at pinatay. Ngayon makikita nga natin dun na ang ginagamit niya . . . Sabi, tulad na nga lang nung lumabas dun ang mga Fariseo, at mga Saduceo, haya't ang sabi niya, "Oh, kayo na lahi ng mga ahas!" Yun kasi ang nakikita niya roon sa ilang; mga ahas, isang bagay na marumi at malansa, at mapanlinlang. Kita n'yo?

6 Ngayon kung iba'y ang sasabihin marahil, "Naku, kayo na mga hamak na inkombenyensya," o parang ganun. Pero siya . . .

7 Pero, kita n'yo, wala siyang gaanong alam na salita na puwede niyang gamitin, kaya ang sabi lang niya, "Kayo na mga lahi ng ahas," 'yun kasi ang nakikita niya sa ilang. Sabi, "Sino ang nagbabala sa inyo upang makatakas sa poot na darating? Huwag ninyong akmang sasabihin, na 'Kamit namin, kabilang kami sa *ganito* at kabilang sa *ganoon*,' dahil may kakayahan ang Diyos sa mga batong ito," bagay nga na nakita niya, "na magpalitaw ng mga anak ni Abraham. At nakaumang na ang palakol sa ugat ng punongkahoy." Alam niya kung ano mismo ang ginagawa sa sirang punongkahoy. "Ang hindi nagbubunga ng mabuting bunga, ay pinuputol at inihahagis sa apoy," para sunugin ang di mainam na kahoy.

8 Kita n'yo, lahat ng mga mensahe niya'y may kinalaman sa kalikasan, kanyang inihalintulad 'yun dun. Nauunawaan 'yun ng mga karaniwang tao. At kaya sila . . . Iniisip ko nga na kung minsan ay mas mainam pang di hamak ang mga 'yun kaysa sa lahat nitong matatayog na salita na natututunan ng mga tao sa eskuwelahan.

9 Ngayon, medyo atrasado tayo kagabi, kaya sisikapin natin na mapalabas kayo sa oras, ngayong gabi, sa abot ng makakaya natin. At umaasa ako na di pahihintulutan ng Panginoon na umulan nang masyadong malakas ngayong gabi, sa bubungang yero na ito, kaya tayo'y manampalataya lamang at—at sikapin natin na mapaglingkuran Siya, sa abot ng mainam nating alam.

10 Ngayon tayo po'y tumayo habang binabasa natin ang Salita ng Diyos, tayo'y babasa na ngayon mula sa Aklat ng Genesis. At simulan natin sa ika-22 kabanata at sa ika-7 talata, babasa hanggang sa ika-14, lahat ng nakapaloob.

> *At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito ang apoy at ang kahoy: nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog* na *susunugin?*
>
> *At sinabi ni Abraham, Anak ko, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog* na *susunugin: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.*
>
> *At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian . . . ang kaniyang* sariling

*anak, at inilagay sa ibabaw ng dambana sa ibabaw ng kahoy.*

*At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay, at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak.*

*At tinawag siya ng anghel ng* PANGINOON *mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako.*

*At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o* pagbuhatan. . .man *siya: sapagka't talastas ko ngayon na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang* itinanggi. . .*hindi mo itinanggi ang* iyong. . . *sa akin ang iyong bugtong na anak.*

*At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito ang isang tupang lalake sa dakong likuran niya na huli* sa *dawag sa* mga *sungay: at pumaroon si Abraham at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na. . .inihalili sa kaniyang anak.*

*At pinanganlan ni Abraham* ang *dakong yaon ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito, Sa bundok ng* PANGINOON ay *mahahanda.*

11 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali at maghandog ng panalangin.

12 Makalangit naming Ama, sinabi sa amin ng Salitang ito, na Diyos mismo, na, "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig ng Salita ng Diyos." At ngayon, Ama, dalangin namin na Iyong ibabahagi sa amin ang nilalaman ng binasa naming ito, upang matutunan mismo namin gaya ng pagkakasabi sa amin ng Biblia, na, "Lahat ng mga bagay sa Lumang tipan ay mga halimbawa nang sa gayon ay aming makita." Na sila na mga tatalima sa pagtawag ng Diyos, ay pinagpala. Sila na tatanggi, ay isinusumpa. Kaya dalangin po namin, Ama, na makamit namin ang kaunawaan, ngayong gabi, sa pamamagitan ng kapahayagan. Nawa'y ihayag sa amin ng Espiritu Santo ang mga bagay na nakapatungkol sa amin sa araw na ito, na buong naitago sa dakilang hiwaga na ito ng Diyos na naroon na magmula pa noong maitatag ang mundo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

13 Nais ko pong mangusap sa paksa, loobin ng Panginoon, na hango sa kaisipang ito na: *Jehovah-Jireh*. Ang ibig sabihin ng salitang ito'y "Ang Diyos ay maglalaan para sa Kanyang Sarili ng isang hain."

14 At pinag-uusapan natin ang tungkol kay Abraham, haya't ito'y noong panahon na hinihintay niya ang ipinangakong anak.

Para makuha natin ang tunay na katotohanan dito, tayo po'y magbabalik-tanaw. At sa ika-22 kabanata ito. Sige't tayo po'y magbabalik-tanaw lang; may ilang mga Kasulatan ako rito na nailista, na ibig kong paghanguan, kung maaari. At nais kong mangusap patungkol sa mga ito, at nais kong magsimula sa ika-12 kabanata. Magbabalik-tanaw po tayo para malaman natin kung sino ba itong tauhan na ito na si Abraham, at heto rin na kung papaanong—papaanong nangyari na pinili siya ng Diyos.

15 Alam natin na ang pangako ay ipinagkaloob kay Abraham at sa kanyang Binhi pagkatapos niya, at tanging ang mapasa kay Abraham lamang tayo magiging tagapagmananang kasama niya sa pangako. Ngayon si Abraham ay nagkaroon ng binhi, at ang binhi, hayan nga, ay, haya't nagkaroon siya ng maraming binhi, mga binhi, pero may isa lamang siyang Binhi na doon lamang iniukol ang pangako. Mangyaring naging anak niya si Ismael; at pagkatapos nung mamatay si Sarah, nag-asawa siya ng ibang babae't nagkaroon ng pitong mga anak na lalaki maliban pa sa mga anak na babae; at lahat nga sila'y binhi ni Abraham, pero ang . . . mga binhi nga ni Abraham, pero 'yung Binhi ay yaong isa na may kalakip na pangako. At ang Binhi, kung tutuusin, ay ang *pananampalataya* ni Abraham, na taglay niya sa ipinangakong Salita ng Diyos.

16 Ngayon si Abraham, nalaman natin, ating . . . hindi pa siya lumilitaw hanggang sa matagpuan natin siya rito sa bandang ika-12 kabanata. Dito sa ika-11 kabanata ng Genesis, makikita natin na ang tatay niya'y mula Babilonia. At ordinaryong tao lang si Abraham, katulad lang n'yo o ako, o kung sino pa. At siya pa nga, kung tutuusin, gaya ng iniisip natin, ay tumatanda na rin. Pitumpu't limang taong gulang na siya. Kasal siya sa kapatid niya sa ama. Ang pangalan ng babae'y Sarah. At ang pangalan niya noon, hayan nga, ay di pa noon Abraham, kundi Abram pa. At—at ang babae nama'y Sarai. Tapos makikita rin natin na ang babae'y sampung taon na mas bata sa kanya, kaya ang edad ng babae'y animnapu't lima, at siya nama'y pitumpu't lima.

17 Marahil sila, siya'y magsasaka, nakatira sa libis ng Shinar sa dako roon, at pangkaraniwang buhay ang pamumuhay. Siya—siya marahil ay gumagayak sa umaga, at nangunguha ng makakain mula sa mga palumpong, at namimitas ng berry, at ganoong uri ang pamumuhay. Ordinaryong tao lang talaga, walang kung anong bagay na espesyal sa kanya. Pero isang araw, tinawag siya ng Diyos. Yun nga ang magbubunsod ng kaibhan, noong Diyos na mismo ang tumawag.

18 At ganoon nga 'yun sa anumang buhay. Kinakailangan na Diyos mismo. Wala nga ito sa kung ano ang ginagawa mo; ito'y sa kung ano ang ginagawa ng Diyos. Kita n'yo? Sinasabi n'yo, "Hanap ko ang Diyos. Hanap ko ang Diyos." Nagkakamali ka. Walang tao ang naghahanap sa Diyos. Diyos ang naghahanap

sa tao. Kita n'yo? Di ikaw ang naghahanap sa Diyos; Diyos ang naghahanap sa iyo.

19 Sinabi ni Jesus, "Hindi n'yo Ako pinili, ngunit kayo'y pinili Ko." Kita n'yo? Kaya kayo'y pinili na bago pa man itatag ang sanlibutan, o kung hindi'y hindi kayo pinili talaga. Mangyaring naparito Siya para tubusin ang pangalan na 'yun. At lahat na ang pangalan ay wala sa Aklat ng Buhay ng Cordero. . . haya't bago itatag ang sanlibutan, 'yung mga 'yun lang ang tanging naroon, ano't anuman. Kita n'yo? Kayo'y pinili na sa Kanya bago itatag ang sanlibutan. Noong pinili ang Cordero, haya't kayo nga'y pinili kasama Niya, bago ang pagkatatag.

20 At kayo, gaya ng pagkakasabi ko kagabi, ay katangian sa kaisipan ng Diyos. Kita n'yo, 'yun lang ang tanging paraan para kayo'y maging Walang Hanggan, at tanging anyo lang ng Buhay na Walang Hanggan. May nag-iisang anyo lang ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay ang Diyos. Kaya, ganoon 'yun, Siya lang yaong Isa na Walang Hanggan.

21 Ngayon nasumpungan natin na nasa ganoong kalagayan si Abraham. At ang Diyos, sa Lumang Tipan, ay kumikilos sa mga tipo't mga anino, para ipakita kung ano ang Kanyang gagawin.

22 Ngayon nasumpungan natin dito na nangusap sa kanya ang Diyos. At ang dakilang bagay, matapos na siya'y tawagin ng Diyos. . . Haya't ang pagtawag na 'yun na ibinigay ng Diyos ay isa palang sobrenatural na pagtawag. Pero, sa kabila nun, ay di nun ibinunsod na mag-alinlangan si Abraham, kahit kailan. Batid niya mula pa sa simula na ang Diyos 'yun. Dakilang bagay talaga 'yun. Noong. . .

23 Ang mga pagtawag ng Diyos ay sobrenatural; walang basta natural. Ginagamit ng Diyos ang sobrenatural at pinakikilos 'yun sa natural, pero ang mga pagtawag ng Diyos ay haya't sobrenatural mismo. Ang sabi ng Biblia, "Ang mga kaloob at pagtawag ay hindi magbabago." Kita n'yo, ito'y pauna nang itinalaga noon ng—ng Diyos.

24 Ngayon nasumpungan natin, na dito, na si Abraham ay tinawag, narinig niya ang tinig ng Diyos, at nagsabi ang Diyos sa kanya ng isang bagay na kung tutuusin ay halos ganap na imposible. Hayan nga siya na pitumpu't limang taong gulang, ang kanyang asawa nama'y animnapu't limang taong gulang, na ibig sabihin magdadalawampung taon na siyang lampas sa menopause, at siya pa nga'y kasa-kasama na niya nung siya'y dalagita pa lang. Wala silang naging anak man lang. At, sa kabila nun, sinabi sa kanya na magkakaroon sila ng sanggol, at sa pamamagitan ng sanggol na ito ay ang buong mundo, ang lahat ng mga bansa, ay pagpapalain. Ngayon kakatwang bagay talaga 'yun.

25 "At si Abraham," ang sabi ng Biblia sa Mga Taga-Roma sa ika-4 kabanata, "ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos

sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi matibay pa, na nagpupuri sa Diyos."

26 Nakikinita ko, pagkatapos nung unang buwan. . . Mangyari nga, na si Sarah, gaya ng sabi ko, ay lampas na ng menopause. Nung unang buwan, nakikinita ko si Abraham na sinasabi, "Sarah, kumusta ang pakiramdam mo, mahal?"

"Wala namang pinag-iba."

27 "Buweno, purihin pa rin ang Diyos dahil makakamit natin ang sanggol na 'yun, ano't anuman. Makakamit at makakamit natin 'yan. Diyos na mismo ang nagsabi na makakamit natin."

28 Hayan nga si Sarah, na naggagantsilyo na ng maliliit na medyas, at hayan ang mga aspili't mga perdible, at lahat na; naghahanda, pinaghahandaan 'yun, dahil nalalaman niya na makakamit at makakamit 'yun. Diyos na mismo ang nagsabi. Kita n'yo?

29 Lumipas ang unang taon. "May nararamdaman ka na bang kakaiba, mahal?"

"Wala pa ring pinag-iba."

30 "Purihin ang Diyos! Naku't magiging mas dakilang himala nga ito kaysa kung nangyari ito nung una. Kita mo, isang taon na kasi ang lumipas. Makakamit at makakamit natin 'yan, ano't anuman." Bakit? Diyos na kasi mismo ang nagsabi. Yun na 'yun. Diyos na mismo ang nagsabi. Tayo. . . Diyos na mismo ang nagsabi.

31 Sampung taon ang lumipas. "Kumusta na ang pakiramdam mo ngayon, mahal?" Hayan na nga si Sarah na pitumpu't lima na, at siya nama'y walumpu't lima.

32 Ngayon maiisip n'yo ba 'yun na may matandang lalaki at babae na tulad nun, sa panahon ngayon, na magpupunta sa ospital, at sasabihin, "Doktor, gusto naming magpa-iskedyul. Kami'y magkakaroon ng. . . "?

33 Hinihiling nga sa inyo ng Diyos na sampalatayanan ang ilan sa mga pinaka kakatwang bagay, pero haya't ginagawa Niya ito sa tuwina para magkatotoo. Ang Diyos. . . Haya't ang isang tao na nananampalataya sa Diyos, ay ganap na hibang ang kilos, sa paningin ng mundo.

34 Maiisip n'yo ba si Moises, na pinagsanay sa lahat ng—ng karunungan ng mga taga-Egipto, pinuno ng buong sandatahan, ng—ng—ng—ng mga hukbo ng Egipto. At, sa kabila nun, na apatnapung taon ang ginugol niya para mapagsanay sa ganoon, tapos gumugol ang Diyos ng apatnapung taon para alisin ang edukasyon na 'yun mula sa kanya, kasing haba nga ng panahon na inilagay 'yun ng sanlibutan sa kanya. Apatnapung taon, na iwinaglit ng Diyos mula sa kanya, ang lahat ng edukasyon, teolohiya mula sa kanya. At kinatagpo siya ng Diyos sa likurang bahagi ng ilang, at hayan nga na higit ang nalaman niya

patungkol sa Diyos, sa loob lamang ng limang minuto sa Presensya ng Diyos, kaysa sa natutunan niya nang apatnapung taon mula sa mga libro. Ganoon nga.

35 Hindi makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng edukasyon. Makikilala Siya sa pamamagitan ng pananampalataya. At ang Diyos nga'y nangusap sa kanya sa sobrenatural. At grabe nga mismong kakatwang bagay, kung minsan, ang pinagagawa sa atin ng Diyos.

36 Iisipin n'yo ba 'yun na isang matandang lalaki, walumpung taong gulang, tumatakbo, isang propeta na tumatakbo palayo sa Diyos? At sa Presensya ng Diyos nang limang minuto: nung kinaumagahan (Maiisip n'yo ba 'yun?), isang matandang lalaki, 'yung kanyang mga balbas ay nakalaylay nang *paganito*; 'yung kalbo niyang ulo'y nangingintab; may di tuwid na tungkod sa kanyang kamay; 'yung asawa niyang babae'y naka-angkas sa isang mola, kalong-kalong ang isang batang paslit sa kanyang balakang; tinatahak ang daan!

"Saan ka papunta, Moises?"

"Papuntang Egipto, para manakop."

37 Kita n'yo, "manakop," isang solong pagsalakay raw. Sa pakinig ay nakakatawa 'yun. Pero, ang nangyari kung tutuusin, ay nagawa niya, dahil sinabi mismo ng Diyos. Sapat na 'yun.

38 Kapag sinabi ng Diyos, sapat na 'yun buong-buo. Yun—'yun na 'yun. Kung Diyos ang nagbitiw ng pangako, isalalay mo ang kaluluwa mo dun. Kung masasampalatayanan mo 'yun, isalalay mo ang iyong. . .Kung di mo masampalatayanan, mainam na layuan mo na lang; pasakit lang ang bunsod nito sa iyo. Pero kung sinasampalatayanan mo, manatili ka roon, dadalhin ka nito sa katagumpayan, kung gaano ngang tiyak na may mundo.

39 Ngayon nasumpungan natin, na, "Hindi nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos." At nung magsandaang taon siya, at ang asawa naman niya'y nobenta anyos, nauulinigan ko nga siya; nahihirapan nang magsalita, patanda na siya nang patanda't nanghihina na, "Buweno, Sarah, mahal, kumusta ang pakiramdam mo?"

"Buweno, mahal, wala pa ring pinag-iba."

40 "Hallelujah! Ating—ating makakamit at makakamit 'yun, ano't anuman. Diyos na mismo ang nagsabi, 'yun naman ang mahalaga dun. Diyos ang nagbitiw ng pangako." Ang sabi niya siya'y "lubos na nananalig na ang Diyos ay may kakayahan na ipamalas ang Kanyang ipinangako."

41 At ngayon tinatawag natin ang ating mga sarili na Binhi ni Abraham, kanyang Maharlikang Binhi (hindi binhi ni Isaac), kanyang Maharlikang Binhi, si Cristo; at nag-alinlangan sa alinmang pangako, nangatwiran laban dun at sinasabi na di naman 'yun magkakatotoo, at nagdududa sa ating isipan? May

pag-aagam ako na tayo ang Binhi ni Abraham kapag ganyang klase ng pag-iisip ang mayroon tayo. Ang Binhi ni Abraham ay di nag-aalinlangan sa kahit na anong bagay. Tinatawag nito ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na, dahil Diyos na mismo ang nagsabi. Manlilikha Siya. Maibubunsod Niya na 'yun ay mangyari. Kanyang ipinangako 'yun, at 'yun na 'yun. Sapat na 'yun. Kapag Diyos na mismo ang nagsabi nun, sapat na 'yun nang buong-buo. Ngayon, alalahanin, gusto niya noon na . . . Wala kasing . . . Sinabi Niya . . .

42 Isa pa palang bagay na sinabi Niya sa kanya na gawin, ay ang ihiwalay niya ang kanyang sarili mula sa kanyang mga kaanak at lahat ng mga kababayan niya.

43 Ang Diyos, nang sa gayon ay maibunsod ang isang lalaki o isang babae, kabataang lalaki man o kabataang babae, na tumalima sa Kanya, ay iyong ihihiwalay ang iyong sarili mula sa lahat ng di-pagsampalataya, siyanga, hanggang sa ganap mo nang maihiwalay ang iyong sarili sa anumang bagay na laban sa Salita na 'yun, at sampalatayanan Ito. Ikaw . . . Tumatawag ang Diyos para sa isang lubos na pakikipaghiwalay.

44 Grabe ngang kalaking kaibhan n'yan sa panahon ngayon sa mga eskuwelahan natin na mga nagpapadala ng mga ministro. Kanila ngang dinodoktrinahan sila ng lahat na ng sari-saring di-pananampalataya at mga teorya na di man lang nakabatay sa Kasulatan at kung anong uri lang ng kredo na inimbento, at pagkatapos ay ipapadala sila sa labas na ganoon-ganoon lang ang batayan. Di na nakapagtataka tuloy na nagpalitaw tayo ng sangkumpol na mga Oswald at mga Jack Ruby, at iba pa, sa buong bansa. Nilalamon na ng komunismo ang bansa, dahil may mga seminaryo tayo't mga pangangaral na animo'y pinisa lamang mula sa inkubador sa halip na mga ipinadala mismo ng Diyos, na ipinanganak nang muli't, puspos ng Espiritu Santo, na mga ipinanagank sa Apoy na mga anak na lalaki ng Diyos, mga anak ni Abraham na nananampalataya na ang Salita ng Diyos ay buong-diin mismong Katotohanan at wala nang iba't ang Katotohanan, matatag, at may kakayahan na tumindig dun sa mga pangako, sa harapan ng anupamang bagay, at harapin mismo 'yun, na 'yun ang Katotohanan. Yun nga'y Salita mismo ng Diyos. Buweno.

45 Ngayon sinabi Niya, "Ihiwalay mo ang iyong sarili mula sa lahat ng iyong kamag-anak, mula sa iyong bayan, sa lahat-lahat, at sumunod sa Akin."

46 Kailanma'y hindi binago ng Diyos ang Kanyang paraan. Ang Diyos ay hindi nababagong Diyos. Kung ano ang paraan na ginawa ng Diyos, isang beses, siya rin ang gagawin Niya sa ikalawang pagkakataon. Alalahanin n'yo, kapag nakikita n'yo ang kilos ng Diyos sa isang partikular na pagkakataon, kung Siya . . . Kung—kung may isang tao halimbawa na ito'y ligaw, at

iniligtas Niya ang tao na 'yun sa batayan ng isang partikular na desisyon na napagpasyahan Niya, Siya sa tuwina'y mananatili't mananatili sa siya ring desisyon na 'yun magpakailan man. Hinding-hindi Niya 'yun maaaring baguhin. Kita n'yo? Siya'y walang hangganan.

47 Tayo'y may hangganan. Marahil mas higit ang kaalaman ko pagdating ng bukas kaysa sa nalalaman ko ngayon. Ganun din na marahil mas higit na ang nalalaman mo sa susunod na taon kaysa sa nalalaman mo ngayong taon na ito. Mas higit ang alam mo sa taon na ito kaysa sa nung nakaraang taon, pero di ganun ang Diyos.

48 Ganap Siya, walang hangganan. Lahat mismo ng gawin Niya'y ganap. Hinding-hindi mangyayari na magpapasya Siya ng desisyon ngayon at magpapasya ng mas mainam dun bukas. Yung mismong una Niya pa lang ay ganap na. Kaya naman, maisasalalay mo ang iyong kaluluwa sa anuman na Kanyang sabihin, na 'yun nga ang Katotohanan.

49 Tinawag ang Diyos minsan na gumawa ng pagpapasya, kung paano ba ililigtas ang tao, at ang paraan na ginawa Niya ay sa batayan ng nabubong Dugo ng Isang walang sala, doon sa halamanan ng Eden. At ang kaso'y sinubukan ng tao ang lahat ng masusubukan sa mundo para iligtas ang tao, siyanga; sila'y nagsipagtatag ng mga siyudad, nagsipagtayo ng mga tore, sila'y nagkaroon ng mga organisasyon, mga edukasyon, at lahat na, at ang lahat ng 'yun ay ganap na kabiguan. May tangi't nag-iisang bagay lang na maililigtas ng Diyos ang tao, at 'yun ay sa pamamagitan ng nabubong Dugo ng isang Walang Sala. Yun lang ang tanging paraan. Yun ang unang pagpapasya ng Diyos. Siya'y mananatili't mananatili roon kailanman.

50 Kung ang Diyos ay nagpagaling sa tao sa batayan ng kung paano Niya pinagaling ang tao na 'yun, marapat lamang na ang pagpapagaling Niya sa isa pa'y ganoon din kapag ang isa pang 'yun ay mapunta sa kalagayan na 'yun. Kung di ganoon ang pagagawa Niya, mali ang pagkilos Niya nung una Niya 'yung ginawa noong ang desisyon na 'yun ay napagpasyahan.

51 Sa tuwina kapag nagpapasya Siya, magpakailanman nga Siyang nananatili roon. Kung hindi ganoon ang gagawin Niya, mali ang desisyon na ginawa Niya nung una. Kita n'yo? At sino ang makapagsasabi na gumawa ang Diyos ng maling pasya? Kita n'yo? Di natin kayang sabihin 'yun. Kaya marapat lamang na ang Diyos ay manatili sa Kanyang desisyon. Kaya kapag 'yun ang ginawa Niya, 'yun na 'yun.

52 Mangyari ngang sinabi Niya, "Ihiwalay mo ang iyong sarili mula sa lahat ng kamag-anak mo, lahat-lahat, lahat ng di pagsampalataya na nanggaling mula sa Babilonia roon."

53 Haya't ang pinaka unang malaking organisasyon sa mundo ay ang Babilonia, nung maorganisa nito ang lahat mismo ng mga

bayan-bayan para magbayad ng buwis sa isang siyudad na ito, tipong-tipo, ng lahat ng mga ismo't makabagong mga bagay na nakikita natin ngayon. Kung nabasa n'yo na 'yung *Two Babylons* ni Hislop, at iba pa, at babaling kayo sa Genesis, makikita n'yo na ang Genesis ang pinagsimulan, ang binhi, makikita n'yo roon ang lahat ng mga ismo't mga bagay-bagay, na naroon na dati pa.

54 Kita n'yo, mga Fariseong mapagmapuri sa sarili na galing dun, mula sa babae na 'yun na may kakatwang pinagmulan at kung ano pa, na nakarating hanggang sa panahon ni Jesus. Mga Fariseo na di naniniwala sa Espiritu o kung ano pa, at kanilang hinadlangan si Jesus. Sabi ni Jesus, "Hayaan n'yo sila. Kung ang bulag ay aakay sa bulag, kapwa sila mahuhulog sa hukay. Hayaan. . . " Nagpatuloy Siyang mangaral, at magpagaling ng mga maysakit, at nagpapamalas ng mga himala, at tuloy lang. Di Siya nahadlangan nun, dahil Siya ang Salita. Ang Salita nga'y magpapatuloy at magpapatuloy, kahit na anu-ano pa ang mangyari.

55 Pagkatapos nasumpungan natin ang mga bagay na 'yun na nangyari, at nakarating sila rito sa huli sa pamumukadkad sa huling mga araw. Gaya nina Jambres at Janes na sumalungat noon laban kay Moises, ganoon din ang siya ring mangyayari.

56 Ngayon, ganap na pakikipaghiwalay mula sa kawalan ng pananampalataya. At, tandaan, ang patriyarkang si Abraham ay hindi lubusang ganap na pinagpala hanggang sa sumunod siya nang eksakto sa sinabi ng Diyos na gawin. At tayo man ay hinding, hinding, hindi mapagpapala sa anumang bagay, at makatatanggap ng mga pagpapala, hanggang sa sumunod tayo sa sinabi ng Diyos na gawin.

57 Isa pang bagay na nais kong pansinin n'yo rito sa ika-12 kabanata, ay hayan nga ang tipan na walang kundi-kundisyon. Wala ngang anumang panali na nakakabit doon. "Akin nang," hindi "kung iyong." Wala ngang kung-kung na nakalakip dun. "Akin na itong ginawa." Ibinigay Niya ang tipan kay Abraham, nang walang kundi-kundisyon.

58 At ngayon dapat n'yong malaman, na sa tipan kay Adan, ang sabi dun, "Kung di n'yo hihipuin ang punongkahoy na ito, kung ganoon ay gagawin Ko ang *ganito-at-ganoon*. Pero kung gagawin n'yo, kung ganoon ay gagawin Ko 'yung *ganito-at-ganoon*." Kita n'yo, may nakaakibat na batas.

59 Pero sa tipan na ito, "Ginawa na Kitang ama ng maraming mga bansa." At nagawa na Niya 'yu-. . . Wala nga 'yung kundi-kundisyon. Ang tipan na 'yun ay purong biyaya, sadyang ganap na biyaya. Ang tanging bagay na kinakailangan na lang nilang gawin para mapanatili mismo ang tipan na 'yun ay manatili at maglumagi sa lupain na 'yun; at lahat ng pangako, na kalakip sa tipan, ay nasa kanila. Ang tanging bagay na dapat na lang nilang gawin ay manatili sa lupain na 'yun. Ngayon nakita nga natin, na

nung magtungo sila sa Egipto, nawaglit nila ang pagpapala nila, pero hindi 'yung tipan. Yung tipan ay naroon pa rin. Naiwaglit nila 'yung pagpapala, pero hindi 'yung tipan nila, dahil ang tipan nila'y biyaya, na walang kundi-kundisyon.

60 At sa—sa Exodo, sa ika-19 na kabanata, Ex-. . . Nakagawa ang Israel ng isa sa mga pinaka padalos-dalos na bagay na nagawa nito, ay 'yun ngang nung tanggihan nito ang biyaya at batas ang tinanggap. Tingnan n'yo kung anong ginawa ng biyaya. Pagkakalooban sila ng biyaya ng isang tagapagligtas, pagkakalooban sila ng isang propeta, na may Haliging Apoy para patotohanan siya ng isang tiyak na Salita, na korderong hain. Haya't nagkaloob ang biyaya sa kanila ng isang dakilang rebaybal. Itinawid sila mismo ng biyaya, binuksan ang Dagat na Pula, dinala sila para makatawid. Iniligtas sila na may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan, haya't lahat ay sa pamamagitan ng biyaya. Pero may bagay sila na gusto na ang layon ay para maitanghal nila ang kanilang sarili na kung anu-anong bantog na mga pangalan.

61 Ngayon, kung hindi ba't ganyan ang mga tao sa panahon ngayon, mangyaring ganoon na ganoon. Lagi na lang na dapat, haya't gustung-gusto ng tao na idawit nito ang sarili nito sa kung saan-saan. At doon nga nagawa ng Israel ang pinaka malaki nitong pagkakamali, nung tanggihan nito ang biyaya at batas ang tinanggap, kapalit. At kaya . . . Nagkaganoon man, hayan pa rin na ang tipan na ginawa Niya para sa kanila ay nananatiling walang kundi-kundisyon. Ganoon pa rin mapasa hanggang ngayon, gaya ng nakikita natin.

62 Si Abraham, pagkatapos, matapos na maibigay sa kanya ang mga kundisyon na ito, nagsimula siya sa paglalakbay niya, na nagpapatuloy. Ngayon nasumpungan nga natin na talagang humiwalay siya.

63 At sa ika-13 kabanata, humantong siya sa wakas sa dakong ganap na ang pagsunod niya sa Diyos. Ngayon nasumpungan natin, sa ika-13 kabanata, na si Lot . . . Haya't nung una pa nga, isinama niya ang kanyang tatay, at 'yung matandang lalaki'y para bang nagiging hadlang sa daan. At nagsama pa nga ito ng isang pangkat na nagiging pabigat pa sa kanya. At kung ganun ang gagawin n'yo, doon ka nga hahantong. Ang sabi ng Diyos, "Humiwalay."

64 "Buweno, masasabi ko, na di sila naniniwala nang eksakto, pero . . . " Aba'y kung ganoon lumayo ka mula roon. Yun lang ang bagay na nararapat, sadyang lumayo mula roon.

65 At pagkatapos ang matandang lalaki, haya't sa huli siya'y, matapos na ilibing nila siya, mangyaring, si Lot ay nagmistula ngang isang—isang hibla ng buhok sa biskuwit, tulad sa isang kasabihan. Nakita natin na nagsimula siyang bumulong-bulong na nagrereklamo. Haya't kapwa sila yumaman, at kapwa sila

marami ang pagmamay-ari na mahirap nang makisama. At nakita natin na nagsimulang makipag-alitan si Lot, 'yung mga tagapag-alaga niya ng kanyang kawan ay nakikipag-alitan sa mga tagapag-alaga ng kawan ni Abraham.

66 At nasumpungan natin na di pa Siya, ang Diyos ay di pa nakasusumpong ng buong katapatan kay. . .-aham, Abraham, na dapat ay nakasusunod na sa bagay na sinabi Niya na gawin, na ganap na ihiwalay ang sarili nito mula sa kaanak nito, mula sa lahat ng kababayan nito, at paglingkuran Siya.

67 Kaya heto na nasumpungan natin, ang Diyos ay nakikipag-usap kay Abraham dito, sa may dambana, at sinabi sa kanya kung ano ang gagawin. Humantong na nga, na si Lot, nung dumating 'yung gusot na 'yun sa pagitan ni Abraham at Lot; na anak na lalaki ng kapatid niyang si Haran, at sila. . .Ito nga'y pamangkin niya. At humantong nga na sinabi, "Ating. . .Tayo ay magkapatid kung tutuusin. Dapat hindi tayo nagkakaroon ng pag-aalitan sa isa't isa. Ngayon ikaw, kung tutungo ka nang silangan, tutungo ako nang kanluran. Kung tutungo ka naman nang kanluran, tutungo ako nang silangan. Ngayon mabuti sa iyo na maghiwalay na lang tayo, at nang sa gayon ay hindi tayo. . .Malawak pa ang espasyo para sa'ting dalawa. At sige't, ikaw ang pumili." Ngayon hayun nga ang tunay na Cristianong espiritu na nakay Abraham, na ipauubaya sa katunggali ang benepisyo na makapili. At kaya ipinaubaya niya rito na ito'y makatahak sa gusto nitong daan.

68 At si Lot, gaya ng marami sa panahon ngayon, nakita ang ganoong oportunidad. Aba'y kung makalalayo siya mula sa kahigpitan dun, aba, baka mas kumita pa siya ng ilang dolyar, puwede rin siyang maging sikat na lalaki. Mangyari nga na napatanaw siya sa direksyon ng Sodoma. At isa 'yung lupain na sagana sa patubig, at malaking siyudad pa nga, at mainam ang industriya ng asin doon, at kung anu-ano pa. Sila, sila pa nga'y may iniluluwas na kalakal sa dakong 'yun. At—at tapos, heto rin, na marami roong mga bigating, kababaihan na naka-koloreteng pang-Jezebel at lahat na, talagang asensadong-asensado. Yung asawa pa nga niya'y parang ganoon na rin ang pakiramdam, siyanga, dahil, mangyaring nasumpungan natin, na pagkatapos niyang maging alkalde sa dakong 'yun ay ang asawa nga niya'y naging parang—siya'y naging parang nawili sa mga gawi ng mga tao roon. At 'yung isang bagay lang na 'yun ang tuluyang magbubunsod, 'yung mahalo ka nga sa kung anong bagay. Kita n'yo?

69 Ibig ng Diyos na ihiwalay n'yo ang inyong sarili, at—at lumayo nang husto sa mga bagay na 'yun na anupa't di n'yo na nakikita ang mga bagay na 'yun. Na, ang ibig n'yo na lang makita ay isang bagay, at 'yun ay Siya at 'yung bagay na ipinangako Niya.

70 Pero si Gng. Lot, para ngang nawili pa siya roon. At, di nga maitatanggi, na parang sinasabi niya, “Mahal, kagagaling ko lang ngayon sa labas, at tingnan mo ’yung pananamit ng mga kababaihan dun, at tingnan mo ang mga kababaihan na ’yun. Tapos tingnan mo kung paano manamit ang mga kababaihan natin. Sa palagay mo hindi ba’t mas moderno sila?” Oh, naku! Kung hindi ba’t nanumbalik tayo sa isang panibagong Sodoma, di ko alam kung bakit. Hayun nga’t natunghayan natin dun.

71 Pero si Abraham ay nanatili sa pangako. Mangyari nga na natunghayan natin, habang nangyayari ’yun, at ’yung. . .nung sila nga’y maghiwalay na sa isa’t isa, at si Lot. At kinuha nga ni Abraham ang mas salat na lupain, kaunting daan, naglumagi roon sa walang masyadong mapagpapastulan ng bakahan niya. At, sa kabila nun, handa siya para tahakin ang daan, dahil inilagay siya ng Diyos sa lupaing ’yun, at doon nga niya ibig manatili. Handang kunin ’yun.

72 Ngayon nung sa wakas, ay buong nakasusunod na siya sa Diyos, nung sa wakas ay nakasusunod na siya sa Diyos nang buong-buo, na naihiwalay na niya ang kanyang sarili nang ganap, doon nga sa punto na ’yun nagpakita ang Panginoon sa kanya uli. Hanggang sa di niya nagagawa ’yun, ang Panginoon nga’y nanatiling nakadistansya mula kay Abraham. Pero nung siya nga’y buo na mismong nakasusunod, pagkatapos nga’y si Lot. . .Ang Diyos ay nagpakita sa kanya, sabi Niya “Abraham, itanaw mo ang iyong paningin. Tumanaw ka sa may silangan, tumanaw ka sa kanluran, tumanaw ka sa hilaga, tumanaw ka sa timog, lahat ng ’yan ay pagmamay-ari mo.” Amen. Ngayon, gustung-gusto ko ’yun.

73 At, alam n’yo ba, ’yun nga’y parang noong ako’y maligtas. Noon pa ma’y napapakinggan ko na ang patungkol sa ang Diyos ay isang dakilang Diyos. At, alam n’yo, nung ako’y maligtas, ako. . .May nakapagsabi, “Ngayon ang dapat mo lang gawin ay makianib sa isang iglesya, at ilista ang pangalan mo sa talaan na ito ng iglesyang Baptist. Yun lang ang kailangan mong gawin.”

74 Pero, alam n’yo, isang araw ay nakita ko na ako pala’y tagapagmana sa isang bagay, na ako’y—ako’y—ako’y nagnais na sumilip doon at tingnan kung ano bang mayroon ako. Alam n’yo, ganoon pala ako. Katulad nga ng isang—isang malaking arkadya, na pagmamay-ari mo ’yun, at—at lahat ng naroon ay pagmamay-ari mo.

75 Di mo—di mo nga malalaman kung ano ang pagmamay-ari mo hanggang sa magtungo ka roon at tingnan mismo sa Biblia, para alamin ang mga pangako. Amen. Tatangkain nilang ilayo ka mula roon sa abot ng makakaya nila; pero ang mga bagay na ’yun ay sa iyo. Bawat pangako ay kay Abraham at sa Binhi niya pagkatapos niya. Amen. Bawat Makalangit mismong pangako sa Salita ay pagmamay-ari ni Abraham at ng kanyang Binhi, at

kayo nga'y tagapagmana roon. Isang tagapagmana! Oh, grabe! May pagnanais nga ako na masilip kung ano ngang mayroon ako. Kung may magbibigay nga sa akin ng isang bagay, gusto ko talagang tingnan 'yun. At gustung-gusto kong tumingin sa Biblia at tingnan kung anu-ano ba ang sa akin dun. Bawat Binhi ni Abraham ay marapat lamang na 'yun ang gawin, kapag kayo'y ipinanganak na muli, na puspos ng Espiritu ng Diyos, at ang Espiritu Santo'y lumagak na sa inyo, haya't kayo'y tagapagmana na ng bawat isa sa mga pangakong 'yun.

76 Alam n'yo, gaya nga ng sinabi ko, isang malaking arkadya, dahil binautismuhan tayo tungo sa isang arkadya na 'yun. Sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo'y nabautismuhan tungo sa isang Katawan, at ang Katawan na 'yun ay si Cristo, na Maharlikang Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana sa lahat ng nakapaloob dun. Amen. Lahat ng naroon sa Diyos, ay ibinuhos ng Diyos kay Cristo; lahat naman ng nakay Cristo, ay ibinuhos Niya sa mananampalataya. Amen. Ang Diyos na nasa ibabaw natin, Diyos na kasama natin, at Diyos na sumasa atin! Lahat mismo, bawat pangako na nasa Aklat, ay sa iyo kung masasampalatayanan n'yo ito, kung may taglay kang sapat na pananampalataya na tanggapin ito at sampalatayanan ito.

77 Alam n'yo, ako nga'y magmamasid-masid, na kung may makita akong bagay na mas mataas, iisipin ko kung anong naroon, haya't kukuha ako ng hagdan at talagang uusisain ko, at tuluyang aakyat hanggang sa makarating ako roon. Ganoon 'yun, ang isang pangako sa Biblia, anupa't kung may bagay na parang mahiwaga sa akin, patuloy lang ako sa pananalangin hanggang sa maabot ko 'yun. Ganoon lang. Yun ang paraan para gawin 'yun. Patuloy lang sa pananalangin, patuloy lang na manghawakan, patuloy mismo sa pag-akyat, manampalataya, hanggang sa iyong. . .Tagapagmana ka rito, may pangako ka rito, at may karapatan ka rito, at, "Humingi kayo at kayo'y makatatanggap, sapagkat lahat ng mga bagay ay ipangyayari sa kanila na nananampalataya."

78 Ngayon nasumpungan natin si Abraham na lumakad sa buong lupain. Sinabi sa kanya ng Diyos, sabi, "Lumakad ka sa lupain, tumanaw ka sa ibayo. Lahat ng narito ay pag-aari mo. Bawat katiting ay sa iyong lahat. Lahat ng ito'y sa iyo."

79 Ngayon nasumpungan natin pagkatapos, na, na dun sa ika-14 na kabanata ng Exodo ngayon o. . .ika-14 ng Genesis, ang ibig ko pong sabihin. Sa ika-14 na kabanata ng Genesis, sina Abraham at Lot ay naghiwalay, at si Lot ay nasadlak sa kung anong suliranin. At 'yan lagi ang mangyayari, kapag ihihiwalay mo ang sarili mo sa mga mananampalataya, masasadlak ka sa kapahamakan. Nasumpungan natin na 'yung mga hari dun ay nagsanib-puwersa at nakipagdigma sila. At sumalakay nga sila dun at binihag ang Sodoma, binihag nila ang Gomorra, binihag nila ang lahat ng mga hari ng mga libis at mga kapatagan, at

lahat, at binihag maging si Lot. At kaunti lang ang nakatakas na nakatakbo sa bulubundukin.

80 At nung makarating sila roon, 'yung isa na nakatakas ay nakarating dun at sinabi kay Abraham na Hebreo, sabi, nga'y, "Nagapi ang Sodoma, at Gomorra, at binihag nila ang mga hari nito, at—at ang iba pa, at dinala ang lahat ng mga taong-bayan, at ang kanilang mga pagkain at lahat ng mayroon sila. At si Lot man ay kinuha nila at ang asawa niya, at kanyang mga anak na babae, lahat ng kababaihan, at umalis tangay-tangay sila."

81 Ngayon, si Abraham, masdan n'yo po itong Cristianong espiritu na may paghahangad na sagipin ang kanyang kapatid. Gayong, kahit pa, tumalikod sa pananampalataya si Lot, na napariwara, hayan nga si Abraham na mahal pa rin siya. Siya nga'y nagtungo para sagipin siya.

82 Katulad ni Jesus, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea. Gayong, inilagay na nila Siya sa labas ng kanilang iglesya. At Siya'y naroon nga sa labas, kumakatok, sinisikap na makabalik sa loob. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Na baka sakaling may makuha Siyang kahit sino na magbubukas ng pintuan para makapasok Siya!

83 Hayun nga ang espiritu na 'yun ni Abraham, kita n'yo, na tumungo dun mismo para sa kapakanan ng nahulog niyang, napariwarang kapatid. At tumungo nga siya para sa kanya, at isinama niya ang tatlong daan niyang mga tauhang-lingkod at binigyan sila ng armas. At kinatagpo niya siya sa may Dan; na dakong kadulu-duluhan ng Palestina roon. At kinatagpo niya siya dun, at ibinukod ang sarili nung gabi, at tinugis at nakipag laban sa mga hukbo roon, at ginapi ang mga hari, at pinaslang sila, at dinala pabalik ang lahat ng mga kinuha.

84 Pansinin, nung bumalik na siya, napaka gandang eksena nga nito rito. Yan ang dahilan kung bakit gusto kong magbigay ng kaunting pambungad na tagpo nang kaunti, para makuha natin 'yung. . .bago ako dumako sa teksto ko na *Jehovah-Jireh*. Kung mapapansin n'yo si Abraham na ipinanunumbalik ang lahat ng mga nawala, ang kapatid niya na naligaw at ang mga anak nito, na nung punto na ipinanunumbalik na niya sila, lumabas ang mga hari para katagpuin siya.

85 At lumabas dun si Melquisedec, "Na Hari ng Salem, Hari ng kapayapaan, ang Hari ng katuwiran, ang Hari ng Jerusalem; walang ama, walang ina, walang pasimula man ng mga araw, walang katapusan ng buhay." Sinalubong siya ni Melquisedec noong lipu-. . .nakabalik na siya matapos ang paglipol sa hari, na sa Yaon ang patriyarkang si Abraham (Mga Hebreo 7) ay sinalubong ang Lalaking ito't nagbayad ng ikasampung bahagi, isang pag-iikapu. Sadya ngang dakilang Lalaki ito! Sino sa palagay n'yo ito? "Wala Siyang ama. Wala Siyang ina. Ni wala nga Siyang panimula." At kung sino man Siya, nananatili pa

rin Siyang buhay. "Di Siya kailanman nagtapos. Ang Hari ng Salem, Hari ng kapayapaan!" Oh, Sino ang dakilang Lalaki na ito?

86 At pansinin 'yung tipo na makikita natin dito. Pagkatapos nung labanan, matapos na makipaglaban sa kaaway ang—ang tunay na mananampalataya, na binuwag ang hanay ng kaaway at sinikap na iligtas ang kanyang kapatid, na ang tunay na Binhi ni Abraham ay dala-dala na pabalik ang napariwara niyang kapatid, hayan nga si Melquisedec na lumabas at may inihandang alak at tinapay, komunyon, nakipag-komunyon matapos na ang labanan ay tapos na, naghanda ng komunyon para sa kanya matapos ang labanan.

87 Napakagandang tipo mismo kapag natapos na ang labanan, dito sa lupa, na ang pananagumpay ay nakamit na. Sabi ni Jesus, "Kakainin nila ito nang panibago sa Kaharian ng Ama," pagkatapos na maibalik ang mga naligaw. Mangyari nga na ang una nating gagawin sa pagtungo natin dun, pagkatapos ng labanan, ay maupo sa may dulang sa Kaharian ng Diyos. At doon ang mga nakipagbaka, ay mauupo't ang mga nakapanaig, sila'y madaramtan ng katuwiran ni Cristo, at tapos sila muli'y kukuha ng tinapay at alak, sa Kaharian ng Ama sa kabilang ibayo. Grabeng gandang larawan nga nito, ni Abraham na humayo roon at sinagip si Lot at iniuwi siya pabalik.

88 Ngayon makikita natin pagkatapos, na sa ika-15 kabanata, may masusumpungan tayo rito na katangi-tangi talaga. Ako—ako nga'y gusto ko po ito, talaga, yamang nakikita ko kung sino si Abraham ngayon, at si Abraham at ang kanyang Binhi pagkatapos niya. Nasumpungan natin dito, na matapos na magawa ni Abraham ang lahat ng dakilang mga bagay na ito; na nananampalataya sa Diyos, nanghahawakan sa pangako, naibukod ang kanyang sarili, at mula umpisa'y tumatalima mismo sa daan ng—ng pagsunod sa mga utos ng Panginoon; nakita nga natin na ang Diyos ay nagpakita sa kanya sa may dambana. At tinanong Siya ni Abraham ng isang katanungan, sabi niya, "Ngayon, sino ang magiging tagapagmana ko kundi—kundi itong si Eliezer na taga-Damasco? At ngayon Iyo akong pinangakuan ng isang Binhi. At nais kong—nais kong gumawa Ka ng isang bagay; nais kong patotohanan Mo ang pangakong ito sa akin."

89 At sinabi ng Diyos na Kanyang patototohanan 'yun kay Abraham, patototohanan ang tipan na 'yun na ginawa Niya sa pagitan Niya at ni Abraham. Ngayon bibigyan Niya siya ng isang tanda na 'yun nga'y magkakatotoo mismo. Na, gayong matanda na siya, na siya'y halos walumpu't limang taon na noon, haya't Kanyang patutunayan sa kanya, sa pamamagitan ng isang tanda, na Kanyang tutuparin ang tipan na 'yun.

90 Oh, galak na galak ako na nagbibigay ang Diyos sa tuwina ng mga tanda sa atin, dahil Siya. . .Dapat nating malaman, na sa panahon ngayon, sa oras na ito na kinabubuhayan natin, ay dapat may isang tanda sa lupa sa panahon na ito. Marapat lang na alamin natin ang tanda na ’yun. Ang Diyos nga’y di gagawa ng anuman na di muna nagbibigay sa mga tao ng isang tanda at isang babala. At ang isang tunay na tanda ay may kalakip na tinig, at ang tinig na ’yun ay isang nakabatay sa Kasulatan na tinig sa tuwina.

91 Ngayon Kanyang patutunayan ang tipan na ’yun kay Abraham, o Abram pa lang, nung panahon na ’yun. At sabi Niya, “Magdala ka ng isang dumalagang baka.” Ngayon, tandaan, may isang babaing baka. “At magdala ka ng isang babaing kambing na tatlong taon ang gulang. Ang bawat isa ay dapat tatlong taong gulang.” Pansinin, isang tatlong-taong-gulang na dumalagang baka, babae; tatlong-taong-gulang na kambing, isang babae. “At isang lalaking tupa,” lalaki. Bawat isa sa tatlong ito, tatlong taong gulang, at tatlo ang bilang nito. Tatlo; babae, dalawang babae, at isang lalaki. Kita n’yo? Tatlong-taong-gulang, malinis na hain, isang kordero. . .isang dumalagang baka, isang tatlong-taong-gulang na babaing kambing, at tapos isang lalaking tupa.

92 Kung mapapansin n’yo, lahat ng ’yun ay tumutugaygay tungo sa isang tanda. At ngayon di sana ako mangangaral ng doktrina mula sa entablado rito, pero nakakatiyak ako na tila maliwanag ’yun sa inyo na nakikita n’yo. Pansinin. At kumuha ng dalawa, dalawang ibon. “Ang isa ay kalapati at ’yung isa’y ibong bato-bato,” na kasapi sa iisang pamilya, ’yung kalapati at ’yung ibong bato-bato.

93 Ngayon hinati niya ’yung kambing. . .at ’yung tupa sa dalawa. Hinati niya ’yung—’yung lalaking tupa at ’yung kambing, at ’yung iba pa. Hinati niya ang mga ’yun, hinati ang mga ’yun sa dalawa, at inilapag dun. Pero ’yung mga kalapati, kanyang. . .at ’yung kalapati, di niya hinati. Yun nga’y, hayan nga, lahat na nakakaalam sa Kasulatan, ay alam na ’yun ang Makalangit na pagpapagaling. Kita n’yo, naroon sa dalawang tipan. At pagkatapos nasumpungan natin, inilapag niya ang mga ’yun. Ang pagpapagaling sa tuwina’y sa pamamagitan ng pananampalataya sa nabubong Dugo, sa tuwina. At kung ’yung lumang tipan ay may kalakip na Makalangit na pagpapagaling, gaano pa kaya ang Bagong Tipan? Kita n’yo? Kung naipakita ’yun ng lumang tipan, ano pa kaya sa Bagong Tipan, yamang, “Ito’y higit na mabuting tipan, nagsasalita ng tungkol sa higit, mas mataas na mga bagay, mas dakilang mga bagay, higit na mabuting mga bagay”? Ang Bagong Tipan!

94 Ngayon nasumpungan natin dito, na si Abraham, nung gawin niya ito, haya’t pansinin kung anong nangyari. Ngayon heto ang isang dakila’t, natatanging punto. Ayaw ko na—na—na mapalampas n’yo ito. Yung pagpapatotoo nung tipan, na sa

madaling sabi, isa ’yung pangako, na, “Ako’y tapat sa kung ano ang ginagawa Ko o kung ano ang sinasabi Ko ay gagawin ko,” hayan ang Diyos na pinapatotohanan ’yun kay Abraham.

95 At kinuha niya ang mga hain na ’yun at kinatay ang mga ’yun, at inilapag ang mga ’yun nang dulo hanggang sa kabilang dulo, sama-sama, ganun ang pagkakalapag niya; at binubugaw ang mga ibon, nang sa gayon ’yung mga ibon ay di makadapo roon sa sariwang karne, hanggang sa lumubog ang araw, na maggabi. At nung lumubog na ang araw, o palubog na noon, dito nga’y ipinakita Niya kay Abraham kung ano ang gagawin Niya sa hinaharap, kung ano ang magaganap.

96 Pansinin, sinabi Niya kay Abraham: Ang unang bungad na nakita niya’y tunay na kasindak-sindak na dilim na lumukob sa kanya. Nung una’y, nilukuban muna siya ng isang tunay na mahimbing na tulog. Ngayon, ang sinasagisag ng tulog na ’yun ay kamatayan sa buong sangkatauhan. Ang bawat tao’y kailangan na mamatay; kamatayan sa buong sangkatauhan. Dinatnan siya ng tulog na ’yun; at bago ’yun nangyari ay may—may—may tunay na kasindak-sindak na kadiliman muna; at pagkatapos ay nagkaroon ng isang hurnong nag-aapoy; at pagkatapos munting Liwanag na nagniningas na dumaan sa gitna ng tipan, dumaan mismo sa gitna ng mga hain, hinati ’yun. Ngayon ano ang ibig sabihin nun? Ang ibig sabihin nun ay lahat ng tao’y kinakailangang mamatay; at sa totoo lang, pagkatapos nun, ay karapat-dapat na mapunta sa impyerno; siyanga, sa kadiliman, sa kadiliman sa labas, mahiwalay sa Diyos; pero dumating ang Liwanag, at pumagitna sa pagitan, hinati mismo ang mga hain na ’yun. Kung mauunawaan n’yo, tayo. . . Ang tipan na ’yun!

97 Katulad na lang sa atin na mga Amerikano, paano ba tayo nakikipagtipan? Buweno, ang unang bagay na ginagawa natin, sige’t sabihin natin, makikipagsundo tayo sa isang negosyo o kung ano, haya’t ang kadalasan nating ginagawa ay lalabas at kakain; at mauupo, usap-usap nang kaunti, at pagkatapos ay ilalapag natin ang ating mga alok; at pagkatapos makikipag-kamay sa isa’t isa. Sinasabi natin, “Magkamayan tayo!” Ganun ang pagtitipan natin. Ganun ang pagbibitiw natin ng pangako.

98 Ngayon, sa bansang Hapon, alam n’yo ba kung paano sila nakikipagtipan sa bansang Hapon? May inihahanda rin sila na makakain; pagkatapos kukuha sila ng isang garapon ng asin, at magsasaboy sa isa’t isa ng asin. Yun ang pagpapatibay nila ng tipan.

99 Sa atin ay nagkakamayan tayo, sinasabi, “Napagtibay na, kaibigan. Kumpiyansa ako rito. Tutuparin ko ang bahagi ko sa usapan. Usapang pangako ’yan.”

100 Sa bansang Hapones, Hapon, nagsasaboy sila ng asin sa isa’t isa. “Napagtibay na, kaibigan. Tapos na.” Tapos na mismo ang

lahat ng pagtatalo. Sila, sila'y nakapagtipan na, pinagtibay na, sa pamamagitan ng pagsasaboy ng asin sa isa't isa.

101 Pero nung sinauna pong panahon. . .(Puwede bang makahingi ako ng isa nito?) [Dumampot ng kapirasong papel si Kapatid na Branham—Pat.] Noong sinaunang panahon, heto 'yung paraan nila ng pakikipagtipan. Maglalatag tayo ng isang kasunduan, at kukunin natin 'yung kasunduang 'yun at isusulat 'yun nang *paganoon.* At pagkatapos kakatay tayo ng isang hayop, isang hain; hahatiin 'yun, ilalapag 'yun gaya nung sa panahon ni Abraham dun. At pagkatapos tatayo tayo sa pagitan ng tipan na ito, ikaw at ako, at mangangako tayo sa Diyos. "Na kung mabigo nating tuparin ang tipan na ito, ay matutulad tayo sa patay na hain na namatay sa lugar natin. Mangyari nawa na ang dugo ng hain na 'yun ang mananagot sa atin. Na mamatay tayo ng siya ring kamatayan na 'yun, kung mabibigo tayo na tuparin ang tipan."

102 Mangyari nga na ilalatag 'yun dun, o isusulat sa kapirasong sulatan nang *paganoon.* Pagkatapos hahapakin 'yun sa dalawa, nang *paganoon.* [Pinipilas ni Kapatid na Branham ang kapirasong papel sa dalawa—Pat.] Ngayon kukunin mo 'yung isang kalahati, at kukunin ko ang isang kalahati. At ngayon, kita n'yo, hinding-hindi mo nga 'yun makokopya, lalong-lalo na kung nakasulat 'yun sa balat ng tupa. Kita n'yo, hinding-hindi mo talaga makokopya. Kinakailangan na *ito'y* saktong-sakto ang pagkakadugtong at pagkakalapat sa isang *iyon*, para masabing 'yun talaga 'yun. At pagkatapos kapag magkikita uli tayo, dadalhin ko 'yung isang parte nun, dala-dala mo naman 'yung kaparte. At pagkatapos kapag nagkita na tayo, at ang tipan na ito'y dapat nang ipangyari, at 'yung mga pangako natin ay kailangan nang isakatuparan, mangyari nga na 'yung piraso ng papel ko'y mag-aakma nang saktong-sakto sa piraso ng papel mo, at ang ibig sabihin nun ay ikaw ang kasundo ko sa tipan na 'yun.

103 Mangyari nga na kung ano ang ipinapakita ng Diyos dun ay Kanyang ginawa, na ang Diyos Mismo'y bumaba nang sa gayon ay magsalaman, at Siya'y babaling mismo sa tipan na 'yun. At pagkatapos kinuha ng Diyos si Cristo, ang Espiritu; kinuha ng Diyos na Jehovah si Cristo, na naroon noon sa krus, at hinapak Niya Siya sa dalawa. Hinapak Niya ang Kanyang kaluluwa at inilagay 'yun sa Kaitaasan, at kinuha naman ang katawan at inilagak sa libingan. At ibinangon ang katawan, nung umagang 'yun ng pagkabuhay na mag-uli; at ipinadala pabalik ang Espiritu na naroon sa Kanya, na mapunta sa Iglesya. Na, ang siya ring pagpapatunay na 'yun sa huling mga araw, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," kung saan ang siya ring tipan na 'yun ay kailangang mapunta sa mga tao.

104 Kaya papaano n'yo matatamo Ito sa pamamagitan ng edukasyon? Papaano n'yo makakamit Ito sa ibang paraan liban sa pagpapatunay mismo ng nabubuhay, na nabuhay na mag-uling Jesus Cristo na ibinangon mula sa patay at nakaupo sa Karangalan sa Kaitaasan, ngayong gabi? Na ang siya ring Espiritu na naroon sa Kanya, ay naroon mismo sa Maharlikang Binhi ni Abraham, sa huling mga araw, na pinagtitibay at pinatutunayan na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen. Makakaramdam ka nga ng lubos na pagkapuspos, hindi po ba? Hayan nga, sa siya ring eksaktong tipan, "Isusulat ang Aking tipan sa kanilang mga puso." Sinabi ni Jesus, "Ang mga bagay na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo."

105 Sa pagdako natin dito sa Sodoma, sa ilang saglit, masdan n'yo nga kung paano ito, kung paano 'yun naganap dun, nang sakto sa kung paano 'yung pangako sa huling mga araw at kung ano ang gagawin Niya.

106 Pinagtitibay Niya 'yun, ipinapakita na Kanyang. . . Kanya ngang hinapak ang katawan ni Jesus, kinuha ang Espiritu, itinaas ang katawan tungo sa kanan ng luklukan ng Diyos; at ipinadala ang kabilang bahagi, 'yung bahagi na hinapak Niya, ang Espiritu na mapasa atin, na ang tawag ay Espiritu Santo. At ang mismong Buhay na nakay Cristo ay napasa inyo, na ipinapakitang Siya ang inyong Manunubos. Kinupkop Niya kayo para sa Diyos, at ngayon tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, na nalalakipan ng Espiritu ni Cristo. Amen.

107 "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Lalong dakila kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y pupunta na sa Aking Ama." Amen.

108 Yaong Espiritu na naroon sa Kanya ay nasa inyo, Buhay na Walang Hanggan. Siya ang tagapagkaloob ng Buhay na Walang Hanggan. Siya ang Manunubos, na magpapanumbalik doon sa nahulog noon sa pagkahulog, sa sangkatauhan, upang dalhin pabalik sa Diyos. At ang Espiritu na nakay Cristo ay nasa inyo. At kaya nga kung ang espiritu ng isang—ng isang Dillon ang narito sa akin, aba'y mga baril ang hawak-hawak ko. Kung espiritu ng isang pintor ang narito sa akin, magpipinta ako ng mga larawan. Yamang kung ang Espiritu ni Cristo ang nariyan sa inyo, ang mga gawa ni Cristo mismo ang gagawin ninyo. Amen. Tama. Ang Buhay na naroon sa Kanya ay nariyan mismo sa inyo.

109 Ilipat n'yo ang buhay ng kung anong bagay sa ibang bagay. Sige't kung makukuha n'yo ang buhay ng isang—ng isang kalabasa at ilalagay 'yun sa halaman ng pakwan, ang ibubunga nga nun ay mga kalabasa, mismo. Kunin n'yo 'yung buhay na naroon sa puno ng durano, at ilagay n'yo dun sa puno ng peras,

magbubunga ’yun ng durano, dahil ’yung buhay na naroon sa puno na ’yun ang magbibigay patunay roon.

110 At hayan nga ang kung papaanong ang Maharlikang Binhi; na kay Isaac ay lumitaw ang natural na binhi, na tumanggi Rito. Dahil sa pagkrukrus, sina Efraim at Manases, nailipat ito, ’yung pagpapala na galing sa kanang kamay ay napunta dun sa nasa kaliwa; o ang dapat sana’y ’yung kaliwa’y dun lang sa kaliwa, ang bunso’y napunta sa pagka-panganay; haya’t mula roon ay binaling ang buong situwasyon mula sa natural na binhi ni Isaac, na tumanggi kay Cristo, at ’yan ang natural na iglesya sa panahon ngayon na patuloy na tinatanggihan Siya.

111 Pero ang espirituwal, na Maharlikang Binhi ng Diyos na sumasampalataya, ang Maharlikang Binhi ni Abraham na sumasampalataya sa bawat Salita ng Diyos, haya’t mayroong pagpapatibay patungkol sa nabubuhay, nagbangong mag-uli na Jesus Cristo na sumasa kanila. Amen. Amen. Oh, grabe! Kita n’yo, siya ring bagay, ang buong Iglesya’y may kaugnayan dapat.

112 Kung ititipo sa natural na binhi, tingnan n’yo, si Isaac at Rebekah ay magpinsang buo, magkadugo, siya ring mga tatay; kita n’yo, ang mga tatay nila’y magkapatid, kaya naman magkadugo sila bilang magpinsan, ang nobya at ang nobyo.

113 At kay Adan at Eba, buong si Adan nga lang noon, sa simula. Kumuha ang Diyos ng tadyang sa tagiliran ni Adan at ginawang babae, at kinuha ng Diyos ang pambabaing espiritu mula kay Adan at inilagay ’yun sa babae.

114 Kaya naman kung ang isang babae’y umaasta na parang lalaki, may kung anong . . . may pagkabaluktot sa kung saan. At kung ang isang lalaki nama’y gusto niyang magpaka-binabae, may kung anong bagay na mali sa kung saan. Lumikha ang Diyos ng lalaki at dinamitan ito na gaya ng isang lalaki, at ang babae na gaya ng isang babae. Nilayon Niya na manatili silang ganoon kailanman. Amen. Kapag makikita n’yo sila na iba ang pag-asta, may kung anong bagay na mali. Binaluktot ’yun. At mangyari nga na ang buong ito’y naging sangkumpol na lang ng mga binaluktot. Ganoon nga mismo. Ang buong lahi, buong salinlahi, ito’y, “ang buong ito’y isang sugat na nagnanana,” gaya ng sinabi ng Biblia. Wala ka ngang masusumpungan na anumang kainaman dun. Alam n’yo na totoo ’yan. Wala nga kayong makikita na anuman—anuman sa kalagitnaan nila na nasa labas . . . Mangyari nga na lumabas ka ng kalsada, aba’y napaka hirap nang maghanap ng tunay na lalaki; binabae na lahat ang nakikita ko. At ang mga kababaihan, nagsisipagsuot sila ng mga pantalon, ginugupitan ang buhok, nagsusuot ng lipstick, naninigarilyo, nag-aastang lalaki. Anong dahilan at gusto mong magpaka lalaki? Dapat sana’y magpaka binibini kayo.

115 May nakita akong karatula, ang sabi, “Mesa para sa mga binibini,” sa isang bahay-inuman.

116 Sabi ko, "Wala kayong magiging kustomer." Hinding-hindi kasi pupunta sa ganyang lugar ang isang binibini. Hindi, nga. Hindi, hindi 'yun gagawin ng isang binibini. Kung babae siguro ay mayroon, pero binibini aba'y hinding-hindi. Hinding-hindi siya pupunta sa ganoong lugar. Pero hayan nga, kita n'yo.

117 Binukod ng Diyos, hinati. Kita n'yo, ang Katawan, ang Nobya ni Cristo, ay kinakailangang bumaling pabalik sa una. Ngayon si Eba'y . . .

118 Ano si Eba? Siya at si Adan ay iisa. Tinawag sila na Adan. Sila'y espiritu. Noong anyuan ng Diyos ang tao, sa unang pagkakataon, ginawa Niya ang tao sa Sarili Niyang larawan. At ang Diyos nga'y Espiritu. "Ayon sa larawan ng Diyos ay Kanyang nilikha siya, lalaki at babae ay Kanyang nilikha sila." Kanyang . . . at mangyari nga na walang tao ang magbubungkal noon ng lupa. Pagkatapos nga'y inanyuan ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa at inilagay dun ang kambal na espiritu sa loob ng tao, at 'yun ang unang Adan.

119 Pagkatapos inihiwalay Niya si Eba mula kay Adan, nahulog si Eba dahil sa di-pagsampalataya sa Salita. Ganoon nga. Dun nahulog ang iglesya sa panahon ngayon, sa di pagsampalataya sa Salita!

120 Pero sa kasong ito, sa Maharlikang Binhi, na tinawag, na itinalaga na nung una sa Buhay na Walang Hanggan, ang Maharlikang Binhi ni Abraham, haya't sumampalataya sila sa Salita na 'yun. Di ko alintana anuman ang dumating-mangyari, gaano pa mang magtawa ang mga tao, na sasabi-sabihin 'yung *ganito*, *ganoon*, o *kung ano pa*, sila'y itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan. At siya'y babalik at babalik mismo roon. Siya at ang kanyang Mangingibig, si Cristo, ay isa. Ang Buhay, ang Espiritu na nakay Cristo, ay nasa Iglesya. Yun ang tipan nila na Walang Hanggan, dito. Kita n'yo? Kinuha ng Diyos ang Espiritu ni Cristo, hinapak 'yun, sa paghahain sa Kalbaryo; at kinuha ang Espiritu na 'yun, iniangat ang katawan at iniupo sa kanan ng Luklukan ng Diyos at Maharlika sa Kaitaasan. Na, ang lahat ng nasa Langit ay kontrolado Niya. At pagkatapos ang Espiritu na nasa Kanya, ay babalik; ang siya ring Espiritu, hindi ibang Espiritu, bagkus siya ring Espiritu na naroon sa Kanya, para pagtibayin ang tipan sa Maharlikang Binhi.

121 At sa huling mga araw ay inaasahang makikita natin ito, batay sa Kasulatan. At bago kunin paitaas ang Nobya ni Cristo, marapat lang na mayroong pagmi-ministeryo na lalapat nang akmang-akma roon nang eksakto. Amen. Ikinagagalak ko na sabihin, ngayong gabi, na nababatid ko na 'yan mismo ang Katotohanan. Amen. Pinaglalapat, pinagtitibay ang tipan!

122 Pinagtibay Niya 'yun dun, ipinakita sa kanya kung ano ang gagawin Niya, na pagtitibayin ang tipan. Sinumang nag-aaral ng Biblia'y nalalaman na dun Niya pinagtibay ang tipan kay

Abraham. Ano ’yung ginagawa Niyang ’yun? Ipinapakita sa isang paglalarawan, kung anong gagawin Niya, gamit ang mga hain na ito.

123 At ngayon atrasado na ang oras, at wala na akong oras para himayin ang tungkol sa mga hain na ito. Marahil bukas na ng gabi ko ito gagawin, pero, pansinin n’yo, haya’t ipapakita ko sa inyo kung ano ang ibig sabihin ng mga hain na ito. Pero, kita n’yo, pinagtibay Niya ’yun, ipinapakita mismo sa huling mga araw. . .

124 Ngayon sinumang nakapagbasa ng sinaunang kasaysayan, ay nalalaman na ganun ang pamamaraan noon ng pakikipag tipan. Na isinusulat ’yun ng mga tao, pagkatapos hahapakin ’yun, at iaabot; ’yung isa’y kukunin ang isang piraso, at ’yung isa’y para dun sa isa naman. Babaling sila dun, na naroon ang hain, mag-aalay ng hain. Yun ang ginawa ni Abraham sa. . . sa may Gerar, at kung ano pa, na doon ay pumunta siya, kung saan naghain sila ng dambana. . . o inilapag nila ang hain nila at ginawa ang kasunduan, at hinapak ’yun nang paganoon. At ganoon din ang ginawa ng Diyos, na ipinapakita lang kung ano ang gagawin Niya kay A-. . .

125 Ang tanong nga’y, “Nasaan na—nasaan na ang Binhi na ito na ipinangako Mo sa akin? Nasaan na? Paano ’yun ibubunsod sa akin na mangyari? Nililibak ako ng mga tao, sinasabi-sabi, ‘Abraham, ama ng mga bansa, aba’y labing-limang taon na ang lumipas. Ngayon mag-ootsenta’y singko ka na, o—o nobenta pa nga. Nasaan, nasaan, nasaan, nasaan na ang lahat ng mga anak mo? Ilan na ba ang anak mo ngayon, ama ng mga bansa?’” Kita n’yo, pinagtatawanan siya. Pero di siya nag-alinlangan. Siya nga’y nanatili mismo roon. Nilibak man, sabi, “Ama ng mga bansa, ngayon tingnan nga namin, ilan na ba ang mga anak mo ngayon?” Kita n’yo, tampulan siya ng paglilibak, dahil siya’y nanghawakan sa mga pangako ng Diyos, nananampalataya na kaya ng Diyos na gawin kung ano ang ipinangako Niya. Siya—Siya nga’y higit na may kakayahang gawin ’yun. Siya’y. . .

126 Siya’y may kakayahan na maglaan ng Sarili Niyang hain. Siya ay Jehovah-Jireh. May kakayahan Siya na maglaan mismo at gumawa ng daan para sa bagay na Kanyang ipinangako. At pinagtibay Niya ang tipan Niya sa kanya sa pagpapakita sa kanya kung papaano Niya gagawin ’yun, na kinuha si Cristo at hinapak ang Buhay mula sa Kanya, at ipinadala ’yun pababa sa huling mga araw sa. . .

127 Ngayon tatapusin natin ’yan sa Kasulatan, sa sanlinggong ito, para patunayan ’yan sa inyo, na kailangang mapagtibay ang tipan na ito sa Maharlikang Binhi ni Abraham, na bayan mula sa mga Gentil, hindi mga Judio, “isang bayan mula sa mga Gentil, alang-alang sa Kanyang Pangalan,” tatanggap nun alang-alang sa Kanyang Pangalan. Ang Iglesya na tumanggap

nung Pangalan Niya ay manunumbalik sa Kanya, dahil ’yun Siya, ang kanyang Buhay.

128 Pakinggan n’yo, doon noon nung Araw ng Pentecostes, nung bumaba ang Espiritu Santo nung Araw ng Pentecostes, ang Buhay ay ipinagkaloob sa Iglesya. At ’yung umusbong na Iglesya at nagbunga, isinulat nila’t itinagubilin sa Iglesya ang isang Aklat ng Mga Gawa, nilalaman kung anong ginawa Nito, dahil ’yun nga’y si Cristo na naroon sa mga alagad.

129 Ngayon sinabi ni Jesus, sa San Juan 15, “Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga.” Ngayon, hindi ’yung Puno ng Ubas ang nagbubunga ng bunga. Sanga ang nagbubunga ng bunga. Ito’y binibigyang-sigla nung Puno ng Ubas. Buweno, ngayon, kung ang sanga na ’yun, na naunang umusbong mula sa puno, ay nagpabunga ng Aklat ng Mga Gawa; kung mag-uusbong nga ’yun ng panibagong sanga, mangyaring siya ring Buhay dapat.

130 Mga ilang buwan ang nakalilipas, nakatayo ako kasama ang mabuti kong kaibigan, na si John Sharrit, sa may Phoenix. Nakatira po ako sa Tucson, gaya ng nalalaman n’yo. At heto po’t nasa Phoenix ako, si Kapatid na John Sharrit, na mainam na Cristianong kapatid talaga. At noong araw ay talagang, mahirap siya noon, at pinagpala siya ng Panginoon. At—at nung unang beses ko nga noong magpunta ng Phoenix, mga ilang taon ang nakararaan, wala pa siya noong mga anak. At—at gustung-gusto niyang magkaanak. At—at sila nga’y, mahirap po, nagtratrabaho sa may kalsada, naglalansag ng semento, na dalawampu’t lima, tatlumpung sentimo ang kita bawat oras. At sumadya siya noon, at nananampalataya siya sa bawat Salita ng Mensahe. At sabi niya, “Maaari po ba kayong manalangin para sa akin?” May limang anak na siya ngayon.

131 At heto, maliban pa dun, hayan nga siya na nagbibigay ng nasa tatlo hanggang apat na milyong dolyar taon-taon para sa gawain ni Cristo. At ganun nga. Naroon ako noon kasama siya, di pa katagalan, nakatanaw sa pataniman niya ng bulak. Siya nga’y nakabili ng malaking lupain, may labing-limang daang mga Mehikano siya na nangangalaga nun. At hayan nga, na labing-limang taon lang ang nakararaan ay naglalansag ng semento, na dalawampu’t limang sentimo lang kada oras ang kita.

132 Isinama niya ako sa malaking pataniman niya ng citro. At nakita ko dun ang pinaka kakatwang puno na nakita ko, roon, sa buong buhay ko. Para ’yung puno, na kung anu-anong uri ng bunga ang naroon. At tiningnan ko, at may mga dalandan, may limon, may mga lukban, may mandarina, may lukbanita. Sa tingin ko nasa siyam na iba’t ibang klase ng bunga ang nandun, o sampu pa nga. Tapos sabi ko, “Anong klaseng puno ’yan?”

133 “Oh,” sabi niya, “munting eksperimento lang ’yan, Kapatid na Branham.”

134 Sabi ko, “Oh, ganoon pala.” Tapos sabi ko, “Nabubuhay sila sa iisang puno?” Sabi ko, “Anong klaseng puno ’yan, sa totoo lang?”

135 Sabi niya, “Puno ’yan ng dalandan. Dalandang navel ’yan.”

136 Tapos sabi ko, “Ganun ba?” Sabi ko, “Pero anong ginagawa ng iba pang mga kasamahan nito rito?”

Tapos sabi niya, “Ihinugpong sila riyan.”

137 Sabi ko, “Oh, ganun pala.” Sabi ko, “Naiintindihan ko.” Sabi ko, “Ngayon, ngayon sa susunod na taon pala, at babalik na uli sa pamumunga lahat sa dalandan, hindi ba?”

138 Sabi, “Oh, hindi.” Sabi, “Hindi, mamumunga pa rin ng limon ’yung limon.” Sabi niya, “Yung. . . at ’yung lukban ay mamumunga pa rin ng lukban, at ’yung mandarina ay mamumunga pa rin ng mandarina.”

Sabi ko, “Mula sa puno ng dalandan?”

Sabi niya, “Ganoon, nga.”

Sabi ko, “Hindi ko maunawaan kung paano ’yun.”

Sabi, “Lahat kasi sila’y bunga ng citro.”

Sabi ko, “Buweno, purihin ang Panginoon! May bagay akong nakita.”

139 Tingnan n’yo! Oh, kapatid, nung ang Espiritu Santong ’yun ay dumako sa Puno ng Ubas, at nagpausbong mula sa Puno ng Ubas na ’yun ng pinaka unang sanga, haya’t nakapagsulat sila ng Aklat ng Mga Gawa na itinagubilin. Kung ang puno na ’yun ay mag-uusbong muli ng panibagong orihinal na sanga, siya’y lalago nga na ganoon din. Si Jesus Cristo mismo. Ngayon may Methodist, Presbyterian, Baptist, Lutheran, at lahat na kung anu-ano na isinugpong dun, na nagbubunga ng bungang maka-denominasyon; pero haya’t kung mag-uusbong ’yun ng isa na namang sanga, siya nga’y uusbong na tunay, puspos ni Cristo, na si Cristo ang sentro na Salita ng Diyos.

140 At, kung maaalala n’yo, kung maaalala n’yo sa mensahe na *Ang Punongkahoy Na Nobya*. Marami sa inyo ang nakakuha na nung teyp. Kung papaano ngang ’yung magsasaka’y darating, at ’yung sanga’y nagbubunga ng maling uri ng bunga, tapos puputulin niya ’yun, puputulin, puputulin nang puputulin ’yun, puputulin ’yun. Pero sinabi ni Joel, “Ang iniwan ng tipaklong, kinain ng kuliglig; ang iniwan ng tipak-. . . kuliglig, may isa na naman na kumain.” Nalaman nga natin na ’yang mga insekto na ’yan ay siya ring parehong insekto, mangyaring nasa iba’t ibang yugto lang. At kung anong iniwan ng Lutheran, kinain ng Methodist; kung ano ang iniwan ng Methodist, kinain ng Baptist; kung ano ang iniwan ng Baptist, kinain ng mga Pentecostal. Pinutol tuloy ang buong ’yun.

141 Pero ang sabi ng Diyos, "Ipapanauli ko, sabi ng Panginoon, ang lahat ng mga taon. Magpapadala ako ng panibagong Iglesya, sa huling mga araw. Ipapanauli Ko ang orihinal na Kapangyarihan muli. Aking . . . Sa gabi, ay Magliliwanag." Dun sa kaibuturan nung puno, kahit na gaano pang karaming mga sanga ang pinagpuputol, may uusbong at uusbong mismo na Maharlikang Binhi ni Abraham! Hallelujah! Ipinangako ito ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos. Sinabi Niya na gagawin Niya. "Ipapanauli Ko ang lahat ng mga taon na kinain ng denominasyon. Ipapanauli Ko ang lahat ng mga taon. Aking pinutulan ang puno, pero sa kabila nun ay susupling ang isang Puno mula sa kaibuturan nun. Magiging isang puno siya na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, isang tao na sa Salita ng Diyos ay nagbubulay-bulay, araw at gabi," hindi sa kredo o sa denominasyon, "kundi siya'y nagbubulay-bulay sa Salita, araw at gabi. Siya'y magiging isang puno na naitanim sa siping ng agos ng tubig; ang mga sanga'y di malalanta. Magbubunga siya ng bunga sa kanyang panahon." Yun ang ipinangako ng Diyos.

142 Ang Diyos, hinahapak, hinahatak, ipinaparte, ibinabaha-bahagi ang Sarili, hinahati ang Sarili. Ginawa Niya ang ganun ding bagay noong Araw ng Pentecostes, nung ang Espiritu Santo'y bumaba. Ang Haliging Apoy na 'yun ay bumaba, na gumagabay noon sa Israel, alam nating lahat na 'yun ang Logos, na 'yun ay si Cristo. At nung bumaba Yun, nung Araw na 'yun ng Pentecostes, anong ginawa Nun? Pinagbaha-bahagi Nito ang Sarili Nito, at may mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. Ang Diyos na pinagbaha-bahagi ang Sarili Niya sa kalagitnaan ng mga tao. Oh, kapatid, maaari ka rin mismong mabahagian, ng siya ring Espiritu Santo na nakay Cristo.

143 "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Lalong dakila rito, o *higit* kaysa rito," ang tamang salin "sapagkat Ako'y dadako na sa Ama. Gayunman, kaunti pang panahon ay hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma'y makikita ninyo Ako, dahil Ako," personal mismo, "Ako'y sasainyo, sumasa inyo, sa katapusan ng panahon, sa wakas." Nangako Siya na gagawin ito. Ang Binhi ni Abraham, Siya'y narito na ngayon. Siya'y . . .

144 Nandito tayo, mga ilang araw ang nakalilipas, ginugunita ang pagkabuhay na mag-uli Niya, na ibinangon Siya ng Diyos. Pinapatotoo natin 'yun. Inaawit natin 'yun. At marahil Siya pa nga'y magpapakita't magbubunsod ng isang bagay na ginawa Niya noon, gaya ng ginawa Niya noon bago ang pagkabuhay Niyang mag-uli, na babansagan nating, "manghuhula, diyablo, isang Beelzebub," hindi patutuluyin sa iglesya't pagsasarhan. Anong dahilan at ginagawa natin 'yun? Kinakailangan kasing matupad ang Kasulatan, na, sa Kapanahunan ng Laodicea, ang Salita, si Cristo, ay itataboy sa labas, [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] kakatok sa may pinto, sinusubukan

na makakuha ng kaunting pakikipag-ugnay man lang sa kung saan, na papasok at ipagkikilanlan ang Sarili.

145 Mangyayari nga na may sanga na uusbong mula Roon, na sadyang sintiyak ng anumang bagay!

146 Sabi ko kay Kapatid na Sharrit, "Kung ganoon anong uri ng sanga ang iuusbong nito sa susunod na taon? Dalandan ba? Limon ba? Ano . . . "

147 "Oo, orihinal," sabi niya. "Kapag mag-uusbong ito ng sanga mula sa sarili niya talaga, dalandan talaga ang uusbong, gaya ng kung ano sa simula."

148 At nung ang tunay, na nabubuhay na Binhi ni Abraham ay umusbong, ang siya ring parehong Espiritu na nakay Jesus Cristo'y mananahan sa kalagitnaan nila, na ang bawat Salita'y may diin na sasang-ayunan ng "Amen." Kanilang sasampalatayanan Ito. Hindi 'yung, "*Ito* kinasihan ito, at *Iyon* nama'y di kinasihan." Sasampalatayanan at sasampalatayanan nila ang buong Bagay na 'yun, dahil Iyon ang Salita ng Diyos.

149 Sinasampalatayanan n'yo ba Ito, ngayong gabi, nang buong puso n'yo? Sinasampalatayanan ko ito.

150 Tapos na 'yung oras ko para mangaral ngayon at kapag may mahabang oras na lang uli ako. Sige't iyuko natin ang atin pong mga ulo pansumandali. At tatapusin ko na lang ito bukas ng gabi. Naipangako ko kasi na di ko kayo pananatilihin dito nang matagal.

151 Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at 'yun ay napatunayan. Naipangyaring sapat 'yun kay Abraham, nung sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita niya ito, at nagpatuloy sa pag-usad, na di nag-alinlangan sa kawalan ng pananampalataya. Hindi siya nag-alinlangan. Ngayon paano naman 'yung Kanyang Maharlikang Binhi, tayo na nagsasabi, tayo na mga Cristiano sa panahong ito, na nagsasabi na ang mga labi nati'y dumampi rin sa siyang saro na 'yun kung saan Siya uminom, na kamit-kamit ang siya ring Espiritu Niya na narito sa atin, at nakikita na pinagtitibay Niya ang Kanyang pangako na makasama natin dito sa atin?

152 Ang pangako, upang tupdin 'yun, hindi pa 'yun nangyayari sa lahat ng mga kapanahunan. Di pa natin nararanasan 'yun ng ganoon noon. Saliksikin n'yo sa kasaysayan. Di pa kailanman 'yun nagpapakita. At saan nga Ito, dapat magtungo sa huling mga araw? Sa hirang na Iglesya. Hindi sa Babilonia, hindi sa Sodoma; may sarili silang mensahero sa dako nila dun. Pero ang Espiritu Santo ang Mensahero sa hirang na Iglesya, sa gabing ito, ang Diyos na nananahan sa lamang-tao, ipinapakita ang Kanyang Sarili, na Tagatalos, Salita na tinatalos ang mga isip at haka ng puso. "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Siya ay Jehovah-Jireh. Kanyang inilaan na ang ating Hain, at pinagtitibay ang Kanyang tipan. Haya't

tinutupad Niya ang Kanyang tipan, sa huling mga araw, sa mga tao.

153 Mga kaibigan, makapapangusap tayo rito nang magdamag. Itong mga bagay na nasabi na, sapat na nga ang mga sinabing ito. May mga tao rito na may sakit; nangangailangan kayo ng kagalingan. Bakit di n'yo sampalatayanan Iyon? Kung kaya ko lang na pagalingin kayo, ginawa ko na sana. Manalangin lang. Kung kaya kong pagalingin kayo, ginawa ko na sana. Pero di ko kayang pagalingin kayo. Ako'y. . .Mapapansin n'yo, inilaan ko ang gawain, na unang gabi o dalawa, rito, sa pananalangin sa mga maysakit. At di lang po 'yun para roon. Kung may Binhi rito na itinalaga sa Buhay, hahagipin 'yun ng Espiritu Santo. Makikita nila ito. Mapagkikilala nila ito. Ngayon Siya'y . . .

154 Ilan po rito ang magtataas ng kanilang mga kamay, sa harap ng Diyos, at magsasabi, "Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; na bumangon Siya mula sa patay, at nabubuhay sa kalagitnaan natin ngayong gabi, ipinapakita ang Kanyang Sarili sa kalagitnaan natin, at nananampalataya ako na ito'y sa Diyos"? Magagawa n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, at sasabihin, "Tunay sinasampalatayanan ko ito"?

155 Ngayon, Makalangit na Ama, sila po'y nasa Iyong mga kamay. Sila po'y. . .Kanilang ipinapahayag na sila'y Binhi ni Abraham. Ibig nila—ibig nila, hangad nila—hangad nila ang mga pagpapala ng Diyos. At ngayon ay naipangusap ko na sa kanila, sa simple't, munting pamamaraan na ito. Sinimulan ko ang teksto ko, at di ko man ito nagawang tapusin. Pero, Ama, kanila—kanilang nakikita rito, sa pagpapatibay kay Abraham, na pinagtibay Mo ang pangako sa kanya, binigyan siya mismo ng pagpapatibay. Ngayon kung ang—kung ang Espiritu ni Cristo'y wala sa amin, kung ganoon ay wala kaming kaugnayan kay Cristo. At ang kalikasan ni Cristo'y di maaaring mabago.

156 At lubos Niyang sinabi sa amin, at ipinapangako ang mga bagay na ito ayon sa Biblia, sa maraming dako. Maging ang Lumang Tipan ay ipinanagko ito, sa Malakias 4, na kung paano na 'yun ang mangyayari sa huling mga araw, "Ibabaling ang mga puso ng mga anak pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang," gaya ng mayroon sa mga magulang sa Pentecostes noon, pabalik sa orihinal na Turo't Aral ng Biblia, sa orihinal na Salita, na 'yun mismo ang gagawin Nito. At magkakaroon ng tanda, at ang tanda na ito'y pagtitibayin, na mapagtitibay sa pamamagitan ng Tinig na lalakip dito, na Ika'y narito mismo. At sinasampalatayanan Ka namin.

157 Ngayon, Ama, nawa—nawa'y umalis na palabas si Satanas. Naniniwala kami—naniniwala kami na wala kaming anumang kapangyarihan, Panginoon. Di namin inaangkin ang mga sarili

namin na may kapangyarihan. Ang inaangkin namin ay ang kapamahalaan.

158 Napagtatanto namin, ang munting pulis sa kalsada, na may suot na maliit na sumbrero sa kanyang ulo. Hayan ang mga naglalakihang mga sasakyan na humahagibis sa malalapad na lansangan, sa tulin na siyamnapung milya kada oras, na ang mga makina'y tatlong-daang horsepower, haya't wala siyang lakas para pahintuin maski isa sa mga 'yun. Ang mga 'yun ay sasagasa lang sa kanya. Pero kung ipapakita niya ang tsapa na 'yun, at itataas ang kanyang mga kamay, lalangitngit ang mga preno at aagitit ang mga gulong. Kapamahalaan 'yun. Ang buong siyudad nga'y nasa likod niya. May kapamahalaan siya, hindi kapangyarihan. Marahil ang timbang nga niya'y wala pang sandaang libra, pero may kapamahalaan siya.

159 At ganoon din ito sa gabing ito, Panginoon. Sumusugod kami kay Satanas, na ang kamit ay di kapangyarihan, kundi kapamalaan, ipinapakita ang Dugo at ang pagpapatibay ng tipan. Wala siyang karapatan para hawaka't pigilan ang mga taong ito na may sakit.

160 Pinagmamasdan ko nga sila rito't nakikita na nagpapawis sila nang husto, rito, Oh Diyos, kung may paraan lang para maihatid ko ang Mensaheng ito sa kanila! Kung makikita lang sana nila, Panginoon, kung mapagtatanto lang nila! Iyo pong gisingin sila, Panginoon. Kahit isang beses lang ngayon, sa gabing ito, ibunsod Mo na makita nila na Ikaw pa rin 'yan na Diyos. Na Iyong pinagtitibay ang Iyong Salita. Iyong tinutupad Ito gaya ng Iyong pagkakapangako. Sa huling mga araw, sinabi Mo na ang mga bagay na ito ay mangyayari, "Kapag ang Anak ng tao ay mahahayag," na ang mga bagay na ito'y magaganap. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, at ibunsod Mo na makita nila na Ikaw ito. Sa Pangalan ni Jesus, aking dalangin. Amen.

161 Ngayon manampalataya lamang, mga kaibigan. Napaka inam n'yo na mga tagapakinig. Lumampas po ako sa oras ko, kita n'yo, at di ko—di ko sinasadya na lumampas. Nabanggit ko po sa kanila. . . na magiging sakto tayo sa oras, ngayong gabi, pero di ko po natupad dahil ako'y. . . At sige po't tatapusin ko na lang ang teksto ko bukas ng gabi, marahil, kung loobin ng Panginoon.

162 Ngayon heto po tayo. Kayo'y tao. Tayong lahat ay mga tao lamang. Gusto nating mabuhay. May paghahangad ang bawat isa na sadyang mabuhay sa abot ng makakaya nila. Naniniwala ako na ibig naman ng Diyos na magawa natin 'yan. Ako po'y—ako po'y naniniwala riyan. Ngayon, di nga ito dahil sa walang Balsamo sa Galaad.

163 Alam n'yo, nabanggit nga ito noon, "Bakit, bakit ganito? Wala—wala bagang balsamo sa Galaad?"

164 "Wala bagang propeta roon?" Sabi ni Isaias, o, sabi ni Elias ang ibig kong sabihin. "Humayo ka't tanungin siya, 'Wala bagang propeta sa Israel? Bakit ka pa tutungo sa Ekron, sa diyus-diyosan na si Baal-zebub? Bakit, ano, ang itutungo mo roon?' Siya nga'y Judio, 'Bakit ka tutungo roon?'"

165 Sabi, "Ang dahilan ba'y walang balsamo sa Galaad, walang manggagamot doon? Mayroon ba? Mayroon bang dahilan?"

166 Yun ba ang dahilan? Hindi, Po. May Balsamo tayo. Ang Espiritu Santo'y narito. Siyanga, po. Ang pangako'y sa atin. Ngayon ang kailangan n'yo lang gawin ay sampalatayanan ito. Inyong . . .

167 Panahon ito ngayon na kalat ang isipan ng mga tao, na di nila . . . Nalulungkot nga ako para sa kanila. Di nila alam kung ano bang dapat nilang paniwalaan. May isa na nagsasabi ng *ganito*, at 'yung isa nama'y nagsasabi ng *ganoon*. "At ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang totoo," ang sabi ng Panginoon. Tama. Ngayon hindi Niya maaaring baguhin ang Kanyang kalikasan.

168 Ngayon, sa pagkakatanda ko kagabi nagsimula tayo sa prayer card bilang isa (di po ba?), at tumawag tayo hanggang dalawampu, o parang ganun. Huh? Sige po't ibahin natin 'yang pagsasagawa na 'yan. Huwag tayong magpa-prayer card. Opo, sadyang manalangin lamang. Alam n'yo, ang ginagawa lang naman ng prayer card ay pasampahin kayo rito.

169 Mangyari ngang nararamdaman ko ang Presensya Niya, kaya alam ko na narito Siya. Ilan na po ang nakakita sa litrato na 'yun ng Anghel ng Panginoon? Kaya lingapin nawa ako, na kapag nakatagpo ko kayo sa Paghuhukom, Ito po'y di lalayo sa dalawang talampakan sa kung saan ako nakatayo ngayon. Ganoon nga. Narito Ito.

170 Ngayon sa mga wala pong prayer card, pakitaas ng inyong kamay, sabihin, "Wala akong prayer card, pero heto na ako'y may sakit at nangangailangan." Buweno, sadyang sa lahat ng dako po. Sige.

171 Ngayon sasabihin ko sa inyo. Anong ginawa nung Anghel na 'yun nung mga sandaling 'yun? Ibinaling Niya ang likod Niya, ang likod Niya'y nakabaling kay Abraham. Na, doon po sana ako tatalakay, ngayong gabi, at kaso'y di ko na nagawa. At doon nga'y sinabi Niya, "Magiging gayon din sa pagparito ng Panginoon, kung paano noon sa Sodoma." Nakita natin, na nakabaling Siya't ang likod Niya'y nakatalikod sa tolda. At si Sarah ay tumawa dun sa sinabi Niya, dahil sa sinabi Niya kay Abraham. Haya't di mapagkasyang-isipin ni Sarah ang bagay na 'yun, na anupa't Tao lamang na naroon, kumakain nung karneng iprinito niya, umiinom nung gatas mula sa baka, at kumakain nung guya nito, at 'yun pala'y ang Diyos.

172 Yun mismo ang sinabi ng Biblia. Sinabi mismo ni Abraham, "Elohim." Ganun nga. "Elohim," *Diyos*. Naglaho Siya sa harap ni Abraham. At, "Diyos," tinawag Siya na, "Panginoong Diyos, Elohim, ang nag-Iisa na buong-kasapatan."

173 "Sa pasimula," ang siya ring parehong salita'y ginamit dun. Sinumang iskolar ay nalalaman 'yun. "Sa pasimula ang *Diyos*," tingnan n'yo 'yun sa Hebreo, "Elohim."

174 Masdan n'yo nung tumawag si Abraham, "Panginoong Diyos, Elohim," siya ring Lalaki na 'yun, siya ring Tao, haya't ipinapakita na ang Diyos ay maghahayag ng Kanyang Sarili sa laman ng tao, sa Binhi ni Abraham, para pagtibayin ang tipan, at gawin ang siya ring bagay na ginawa Niya noon, (kita n'yo?) siya ring bagay na ginawa Niya roon. Sa tuwina Siya'y isang propeta na nakatatalos ng kaisipan at haka ng puso. Dahil, ilan po ang nakakaalam na sinabi 'yan ng Biblia, "Ang Salita ng Diyos ay nakatatalos ng kaisipan na nasa puso"?

175 Ngayon kung makakakuha lamang ang Diyos ng kahit tatlo lang na tao rito, sa gabing ito. Ngayon 'yan po'y hamon. Kung mayroon diyan na iniisip na di naman ito totoo, sige't halikayo rito't gawin 'yun. Kung di rin kayo sasagot sa hamon, haya't huwag na lang kayong magsabi ng anuman laban dito. Kita n'yo? Ngayon, pansinin, kukuha tayo ng kahit tatlo lang na tao, (ang bilang na tatlo ay pagpapatibay), na mga estranghero talaga, at kung ang Espiritu Santo. . . Kung kayo lamang ay makasasampalataya, haya't 'yun lang ang buong hinihiling ko sa inyo na kayo'y sumampalataya, na 'yun lang ang gagawin, ang kayo po'y manampalataya mismo na ang Bibliang *ito* ay Katotohanan, at tayo'y nabubuhay na sa huling mga araw, at ito ang pangako para sa huling mga araw na ito.

176 Alalahanin n'yo, si Abraham, o wala nang iba, wala nang nakita pang ibang tanda hanggang sa ang ipinangakong Anak ay lumitaw sa eksena. Lahat na marahil ng iba't ibang tanda'y nakita ni Abraham at mga bagay-bagay, hanggang sa punto na 'yun, pero 'yun na pala ang huling tanda. Di Niya 'yun babaliin kailanman; ito ngang kontinuwidad ng Diyos. Yung Binhi ni Abraham, 'yun ang kanilang huling tanda. Kita n'yo? Yun ang huli. Diyos! Batid niya, sa mismong sandali na 'yun, na 'yun si Elohim. At nung dumating si Jesus haya't sinabi na ganoon din ang mangyayari, at heto na tayo mismo rito sa panahon na ito rito, sa siya ring bagay na 'yun.

177 Mga kapatid, ito po ang Katotohanan. Alam kong, "Dito mismo sa maliit na kamalig na ito?" sabi n'yo. Buweno, ganun nga 'yun sa tuwina. Ipinanganak Siya sa isang sabsaban. Halos wala ngang manampalataya sa Kanya. Pero dahil nga 'yung mga Binhi lamang na 'yun ang makasasampalataya, yaong mga itinalaga sa Buhay, sila lamang. "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." Ganoon nga. Di kailangang mag-

alala, dun; ang pangalan nila ay nandun, makikita nila ’yun. At papaano? Magagawa’t magagawa nila.

178 Ngayon, kita n’yo, iniisip n’yo lang, na ako—ako lang ang maaaring manalangin at magpatong ng mga kamay sa inyo. Mangungusap ako tungkol diyan, lalo na siguro sa Linggo ng hapon. Pero heto na gusto kong—gusto kong makita n’yo na maging kayo ay maipapatong n’yo rin ang mga kamay n’yo sa Kanya. “Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo’t nahahabag sa ating mga kahinaan.” Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sampalatayanan n’yo. At ngayon kung maibubunsod Niya . . .

179 Ako po’y—ako po’y may mga kakilala rito. Mangyaring tiningnan ko, at may dalawa o tatlo akong nakikita na mga kaibigan ko na nakaupo riyan, na ministro, may ilan sa kanila riyan. At ang isa’y nakayuko ang kanyang ulo, pinagaling ng Panginoon ang munti niyang anak na lalaki, mula sa pagkaalog ng utak, siyanga, ngayong araw na ito, itinawag ’yun sa akin sa telepono.

180 Tapos—tapos may isa pang lalaki riyan, at ’yung munti niyang anak na sanggol, nung isang gabi, inakala ng mga tao na patay na ito. At nasa Beaumont ako noon. At kami, may tawag, na dumating, at ipinatong niya ang mga kamay niya sa akin, nagsimulang umiyak, sabi, “Kapatid na Branham, ang Salita ng Panginoon ay sumasa iyo. Iyo lamang hilingin sa Kanya.” At sa mismong minuto na ’yun, nanumbalik sa buhay ang munting sanggol, at nagsimulang mabuhay uli. Hayan po ang tatay na nakaupo riyan, isang ministro.

181 At ito namang isang lalaki rito, naaksidente sa kotse, at tumilapon siya sa kung anong bagay o kung ano, at tumilapon sa isang estero, at naalog ang utak niya, at kung ano pa. Pinagaling siya ng Panginoon, ganap na normal na. Sila po’y nananampalataya. Lubos silang . . .

182 Ngayon huwag n’yong sabihin na ako ang gumawa nun. Wala po akong kinalaman dun. Ang pananampalataya nila sa Diyos, ’yun ang nagpangyari nun. Manampalataya kayo! Ang lahat ng . . .

183 Sinabi ni Jesus, sa San Marcos 11:22, “Anumang bagay! Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at di mag-aalinlangan sa inyong puso, kundi sasampalataya na ang bagay na sinabi ninyo ay mangyayari, makakamit ninyo ang bagay na sinabi ninyo.” Mangyari ngang hayan ito, kita n’yo. Di po ito asa-asa lang; ito po’y “pagkabatid talaga.”

184 At kung mapapatunayan Niya na Siya’y nabubuhay, Siya na nagbigay ng pangakong ito’y mapapatunayan na Siya’y nabubuhay, at pagkatapos walang kahit na ano sa mundo ang makagagawa nun. Gumising kayo! Yugyugin n’yo ang sarili n’yo,

nang talagang husto, ang espiritu n'yo. Kita n'yo? Wala ngang kahit na ano sa mundo ang makagagawa nun kundi ang Diyos.

185 Ngayon marahil inyong—marahil inyong pagpapasyahan na masamang espiritu ito, kung gusto n'yo. Hinatulan nila Siya noon na masama, kaya mapasa hanggang ngayon ay mayroon pa ring hahatol na ang Espiritu Niya ay masamang espiritu. Sabi pa nga nila noon, "Isa siyang diyablo, na ginagawa 'yun." Buweno, hayan tuloy, nagkamit sila ng ganti.

186 Sumampalataya lang kayo. Di n'yo kayang magpagaling. Di ko kayang magpagaling. Walang sinumang tao ang may kakayahan na magpagaling. Ang Diyos ang tagapagpagaling.

187 Pero kung mapagtatanto n'yo lamang mismo na Yaong pinaglilingkuran n'yo, at ihihiwalay kayo mula sa sanlibutan upang mapaglingkuran, Yaong iniibig n'yo; Yaong tatayo roon sa Paghatol, na tatayo kayo sa Paghatol kasama Siya, para kayo'y mahatulan, anupa't kung ang Presensya Niya'y paparito at magpapakita na Siya'y tunay na narito!

188 Ngayon hindi 'yun gagawin ng korporal Niyang katawan. Kapag dumating na kasi 'yun, tapos na ang panahon. "Gaya ng kidlat na nanggagaling sa Silangan hanggang sa Kanluran, gayundin naman ang pagdating ng Anak ng tao." Bagkus, Kanyang Espiritu!

189 At ang Iglesya'y nakaabot na, tingnan n'yo ang pag-abot nito; na dumaan sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo; at ngayon ay tutugaygay na sa panahon ng pag-agaw, para ihanda ang Iglesya. Sadyang sakto sa kung paano ang pagkakapangako, sadyang kung papaanong ang mga Kapanahunan ng Iglesya'y inilatag, at nakita natin 'yun, na ang lahat ay tumutugaygay, at tumutugaygay.

190 Pentecostal ang huling organisasyon. Yan ay batay mismo sa Kasulatan. Yun ang huling organisasyon, na tatanggi kagaya ng iba pa sa kanila, siyanga, bilang isang organisasyon. Wala kasing organisasyon ang tumatanggap sa Diyos. Ito'y. . . Ito'y indibiduwal, 'yun ang tumatanggap sa Diyos.

191 Ngayon di pa ba ninyo masampalatayanan ang Presensya Niya? Ngayon heto, ako po'y hamak na kapatid n'yo lamang, at ngayon ay ipinadala, na sinabi sa akin ng Diyos na humayo at gawin ito. Kaya naman, sinasampalatayanan ko Siya. At kung di nakasulat sa Salita, para sa kapanahunan na ito, lalayuan ko po ito. Anumang bagay na wala sa Salita, di ko paniniwalaan. Di ko—di ko tatanggapin. Di ko sinasabing di ko paniniwalaan, kundi hindi ko tatanggapin; di ko iintindihin. Pero kung 'yun ay narito mismo sa Salita, at pangako para sa kapanahunan na ito, iintindihin ko ito. Kayo rin ba? Nawa'y tulungan tayo ng Panginoon ngayon. At kayo nga'y. . . Makaabot na ngayon, sa pananampalataya, na manampalataya na dun sa. . . presensya natin. . . Tayo'y narito sa Kanyang Presensya,

ang ibig kong sabihin, na ngayon, ay ang siya ring Jesus na 'yun na nangako nito.

192 At sa Biblia rito, ang kinasihang si Pablo, na nagtamo ng mga kapahayagan na ganoon na lamang ang labis na anupa't siya'y nakaramdam ng pagkanerbiyos, "At nagkaroon ng sakit sa laman, na baka siya'y magmayabang sa labis na kapahayagan." Kita n'yo, isinulat niya ang Biblia, ganoon siyang lubos-lubos na kinasihan. Naisulat niya ang mga Aklat ng Biblia. Katulad ni Moises, siya'y isang propeta. Kaya siya, dumating sa kanya ang Salita, at isinulat niya Ito, at naitulot na maisama 'yun sa Mga Kasulatan, sagradong mga Sulat. Ngayon siya ito na—na—na nagsabi ng . . . sumasampalataya rito, nagtuturo ng mga bagay na ito.

193 Ngayon alalahanin n'yo na si Cristo ay nagbangon mula sa patay at naririto sa kalagitnaan natin. At ilagay n'yo 'yun sa isip n'yo, na si Cristo'y nagbangon mula sa patay at naririto sa kalagitnaan natin.

194 Ngayon naging saksi na tayo sa lahat na ng napakaraming dakilang mga pagkilos, at mga sigawan at pagpupuri sa Diyos; lahat ng 'yan ay kay inam. Nakapagsalita tayo sa iba't ibang wika at nakapag-propesiya, at lahat. Nasaksihan natin ang lahat ng 'yun. Mainam 'yun. Ang mga 'yun ay kaakibat naman Nito.

195 Pero, alalahanin n'yo, ang pinaka huling bagay ay 'yung Kanyang Makalangit na Presensya mismo, ang Salita Mismo. Siya ang Salita. Ang Ulo, ang Salita, padako na Ito mismo sa Katawan. Kita n'yo? At mangyari ngang ang Salita, sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, ang sabi, "Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas, mas mabisa kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at haka ng puso." Ngayon kunin n'yo ang Kasulatan na 'yan at balikan n'yo dun sa pasimula sa mga propeta, balikan n'yo si Jesus Cristo, at tingnan kung hindi ba't 'yun ang siya ring bagay na 'yun, ang siya ring 'yun, na Siya'y napagkilanlan bilang ang Mesiyas.

196 Ngayon hindi 'yun kung sinong tao na paririto na Mesiyas. Espiritu Santo ang Mesiyas. Si Cristo at ang Espiritu Santo'y ang siya ring bagay, kaya heto Ito na narito na kumikilos ngayon sa laman, inihahanda ang Katawan para sa biyaya para sa pag-agaw. Sampalatayanan n'yo ito, mga kaibigan.

Panginoong Diyos, ibunsod Mo po ito na mangyari ngayong gabi.

197 Ngayon sa Pangalan ni Jesus Cristo, inilalagay ko ang bawat espiritu na narito sa ilalim ng aking pamamahala, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinasabi ko 'yan nang sa gayon ay inyong maunawaan. Kita n'yo, hindi ba't kayo'y . . .

198 Kung nag-aalinlangan kayo, kayo'y—kayo'y, di po maganda na magtagal pa nang mahaba, dahil marami ang nakaupo rito,

di 'yan maikakaila, na saksi mismo sa kung ano ang nangyayari minsan sa mga di-mananampalataya. Magpapalipat-lipat ito mula sa isa't tutungo sa isa pa, gaya ng ginawa nito noon sa Biblia.

199 Ilan sa inyo rito ang nananalangin, na nalalaman na ako'y estranghero, na walang nalalaman na anuman tungkol sa inyo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, kayo na mga nananalangin, para ipaalam n'yo na wala akong nalalaman tungkol sa inyo.

200 Kayo po, sa lalaki na nakaupo riyan na nakasuot ng itim na kurbata, na nakatingin sa akin sa pagkakatayo ko rito.

201 Ngayon tumuon ka. Nakikita mo ba ang Liwanag na 'yun? Nakikita mo ba Iyon? Kulay amber, na malagintong-berdeng Liwanag sa dako rito.

202 Naniniwala ka ba na ako'y Kanyang lingkod, ginoo? Kung maihahayag sa akin ng Diyos kung ano ang suliranin mo, ikaw ba'y maniniwala, maniniwala ka sa akin nang buong puso mo, mananampalataya ka na ang Diyos 'yun? Magagawa mo ba? Naniniwala ka ba na ang kagalingan mo ay darating? May prayer card ka ba? Wala, wala ka. Hindi mo kailangan nun. Ang suliranin mo ay sa tainga mo. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Sa tainga mo noon; pero wala na 'yan ngayon, kung sasampalatayanan mo ito. Di ko kilala ang lalaking ito, di ko pa siya nakikita kahit kailan.

203 Ngayon heto ang isang lalaki na nakaupo sa tabi mo. Siya'y tila ba nananalangin. Nananalangin siya para sa isang bagay na suliranin sa kanya. Tumingin ka sa akin, ginoo. May prayer card ka ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Wala po."—Pat.] Wala ka. Naniniwala ka ba na ako'y lingkod ng Diyos? ["Opo."] Naniniwala ka ba na ang sinabi ko'y, Katotohanan? ["Siyanga, po."] Naniniwala ka ba na ang Presensya ito ni Jesus Cristo? ["Siyanga, po."] Naniniwala ka ba na ang likod mo ay aayos na mula ngayon? Naniniwala ka ba? Itaas mo ang iyong kamay. Kung magagawa mong makasampalataya! Kita n'yo?

204 Ngayon tanungin n'yo ang lalaki. Di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Hindi ako ang hinipo niya. Dalawampung talampakan ang layo niya sa akin. Ano ang hinipo niya? Yun po'y katuparan sa Kasulatan. Ang Dakilang Saserdote ang hinipo niya. Nakaupo siya riyan, nananalangin na gumaling siya. Kita n'yo, ang Dakilang Saserdote ang hinipo niya na nahihipo't nahahabag sa ating kahinaan. Kita n'yo?

205 Ngayon, anong binubulay mo, kabataang lalaki na nakaupo riyan sa likod, sa kabataan diyan na nakatingin sa akin nang may pagtutuon? Nananampalataya ka ba na pinagaling na ng Diyos ang suliranin mo sa bato? Nananampalataya ka? Itaas mo ang iyong kamay, kung nananampalataya ka. May pagnanais ka na tigilan na 'yang nakagawian mo na mayroon ka, rin, na maiwaksi na ang mga sigarilyong 'yun? Iwagayway mo ang

kamay mo nang *paganito* kung nananampalataya ka. Tapos ilapag mo lang at kalimutan na 'yun. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Kung makasasampalataya ka!

206 Sa katapat mo lang, may nakaupo riyang binibini na nakasuot ng salamin. Pinahihirapan siya ng suliranin sa pagka nerbiyos. Nananampalataya ka ba pagagalingin ka ng Diyos, binibini? Itaas mo ang kamay mo kung nananampalataya ka. Sige.

207 Puwede po ba akong makahingi ng pabor? May munting binibini na nakaupo sa tabi mo, na pinahihirapan ng sakit na pambabae, pambabaing sakit. Ganoon nga, binibini. Itaas mo ang iyong kamay, kung tama 'yun. Daluyan. Ipatong mo ang kamay mo sa babae, nang sa gayon umigi ang lagay niya, dahil siya'y nananampalataya.

208 Sige, 'yang nakaupo sa tabi niya, isa, pangalawa, hayun po Ito sa isang ginang sa kasunod niya. Pinahihirapan ng sakit ang kanyang mga binti, may suliranin sa kanyang mga binti. Ikaw ba'y nananampalataya na pagagalingin ng Diyos ang mga binti mo? Itaas mo ang iyong kamay. Hayan nga. Kita n'yo?

209 Nananampalata ba kayo na Siya'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?

210 Nananampalataya ka ba, ikaw na nakaupo riyan? Ito pong nasa likod ng lalaki na nakaupo rito sa harap, ang binibining nakaupo *rito*? Nananampalataya ka ba na ang Diyos. . .May dalawang malalang bagay ka. Ang isa'y kanser; ang isa naman, artritis. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Kung nananampalataya ka, itaas mo ang kamay mo at sabihin, "Ako'y—ako'y nananampalataya." Buweno, manampalataya.

Nananampalataya ka ba? Pinagtitibay Niya ang tipan.

211 Heto ang isang binibini na nakatingin sa akin, sa likod ng lalaking ito. Parang nakasuot siya ng pulang klase ng damit. Pula, sa itaas *dito*; suweter, marahil. Medyo malayo siya; saka madilim din dun sa banda niya. Pagkatapos, kita n'yo, para bang pinanghihina ka nito kalaunan, na 'yung buong paligid ay nagiging kulay-gatas.

212 Na, hayan nga Ito't nakatayo riyan, sa dako niya. Nakikita n'yo ba ang Liwanag? Nananalangin siya tungkol sa isang bagay. Kung ihahayag sa akin ni Jesus Cristo kung tungkol sa ano ang ipinapanalangin mo, makasasampalataya ka ba nang buong puso mo? Sasampalataya ka ba? Isa akong estranghero sa iyo, at estranghero ka sa akin. Pero nakaugnay mo ang Dakilang Saserdote, dahil ang palatandaan na ibinigay Niya sa akin ay nariyan sa ibabaw mo, kita mo, kita mo, ang tanda. Napagkikilala ko nga ito.

213 Matindi ang sakit mo na pagka nerbiyos na pinahihirapan ka. Tapos may goiter ka rin sa lalamunan, na pinahihirapan ka. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay.

Sasabihin n'yo, "Nakikita mo naman kasi."

214 Sige, halika. . .Di ka taga-rito. Galing ka sa. . .Di ka taga-rito sa dakong ito, sa lugar na ito. Taga-Memphis ka. Tama.

215 Ang ginang na nasa tabi mo, taga-Memphis din siya. Ikaw ba'y sumasampalataya nang buong puso mo, ginang? Ikaw ba'y nananampalataya na mapapagaling ka ng Diyos? Ikaw ba'y naniniwala na ako'y propeta Niya, o lingkod Niya? Natitisod nga riyan ang mga tao, kita mo. Naniniwala ka ba na ako'y Kanyang lingkod? Naniniwala ka ba na ang Diyos mismo ito na gumagawa ng pakikipag-usap na ito? Alam mo na imposible na may malaman ako tungkol sa iyo. Kaya naniniwala ka ba na ang Diyos talaga ito? Sige. Manampalataya ka nang buong puso mo. Haya't mayroong, ang nagpapahirap sa iyo, mayroon kang. . .may suliranin ka sa iyong lalamunan, din. At isa pang bagay, mayroon kang umbok, bukol sa tagiliran mo. Ikaw ba'y nananampalataya na masasabi ng Diyos sa akin kung saang gilid ba ito? Kung masasabi ko, itaas mo ang iyong kamay kung ang sasabihin ko sa iyo'y totoo. Diyan sa kanang gilid mo. Kita mo? Kita mo? Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na sabihin sa akin kung sino ka? Makatutulong ba 'yun sa iyo? Ikaw si Gng. Cox. Tama. Kita mo? Makakauwi ka na, kita mo.

216 Nananampalataya na ba kayo? Lahat ba kayo'y nananampalataya na ngayon? Kita n'yo, hayan nga ang pagpapatibay ng tipan sa Binhi ni Abraham, kung kayo nga'y makasasampalataya! Kita n'yo?

217 Heto, narito ang isang munting babae na nakaratay rito sa isang stretcher. Naririnig mo ba ako, ginang, na nakaratay sa stretcher na 'yan? Oo. Di kita kayang pagalingin. Wala akong nalalaman tungkol sa'yo; isa kang estranghero sa akin. Pero ikaw ba'y nananampalataya na magagawa ng Diyos na ihayag sa akin kung ano ang suliranin sa iyo? Makatutulong ba 'yun sa iyo? Makakatulong, siyanga ba? Kung mararatay ka lang diyan, ikamamatay mo. Haya't may isang pagkakataon ka lang para mabuhay, at 'yun ay ang tanggapin mo si Cristo. May kanser ka. Tama. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos ngayon? Nananampalataya ka? Itaas mo ang kamay ko kung nananampalataya ka. Sige. Diyan sa kinararatayan mo, ang tanging bagay na magagawa mo, ay tumayo mula sa kinahihigaan mo; at ligpitin ang kinararatayan mo, at umuwi ka, na pinanghahawakan ang pananampalataya mo sa Diyos, bilang Binhi ni Abraham. Tumayo ka, sa Pangalan ni Jesus.

Kita n'yo, tumatayo siya, para panghawakan ang pangako ng Diyos.

218 Ilan pa sa inyo riyan ang nananampalataya na nang buong puso n'yo ngayon?

219 Tumayo ka. May lakas ka na; bibigyan ka ng Diyos ng lakas. Tumayo ka, sa paa mo. Hayan nga siya, tumatayo, mula sa stretcher.

220 Ngayon ang iba sa inyo riyan na nagnanais na tanggapin si Jesus Cristo, tumayo kayo. Tumayo kayo. Tumayo kayo, lahat sa iba't ibang ng dako, tanggapin n'yo si Jesus Cristo bilang inyong tagapagpagaling.

221 Panginoong Jesus, Iyo pong pagalingin ang bawat isa sa kanila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

*Jehovah-Jireh 1* TAG64-0402
(Jehovah-Jireh 1)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Abril 2, 1964 sa 4-H Club Barn sa Louisville, Mississippi, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org